Proof : Let $\prod_{k=1}^n F_k$ is g-closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$ and for $k=1, \dots, n$. let U_k be open set in Y_k such that $F_k \subseteq U_k$. By Lemma 3.1.1, $\prod_{k=1}^n U_k$ is open in $\prod_{k=1}^n Y_k$. Moreover, $\prod_{k=1}^n F_k \subseteq \prod_{k=1}^n U_k$. The hypothesis implies that $\prod_{k=1}^n Cl(F_k) = Cl\left(\prod_{k=1}^n F_k\right) \subseteq \prod_{k=1}^n U_k$

Necessarily, $Cl(F_k) \subseteq U_k$, and hence F_k is g-closed in Y_k , for all $k = 1, 2, 3, \dots, n$.

Conversely, suppose that F_k is g-closed in Y_k for $k= 1, 2, 3, n$.

Let $U = \prod_{k=1}^n U_k$ be an open set in $\prod_{k=1}^n Y_k$ such that $\prod_{k=1}^n F_k \subseteq U$. By Lemma 3.1.1, U_k is open in Y_k for all $k=1, \dots, n$.

Since F_k is g -closed and $F_k \subseteq U_k$, we have $Cl(F_k) \subseteq U_k$ for all $k = 1, \dots, n$. Thus $Cl\left(\prod_{k=1}^n F_k\right) \subseteq U$. This means that $\prod_{k=1}^n F_k$ is g -closed.

Lemma 3.1.3. $\prod_{k=1}^n F_k$ is α -closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$ if and only if F_k is α -closed in Y_k for all $k=1, \dots, n$.

Proof : Note that

$Cl\left(\text{Int}\left(Cl\left(\prod_{k=1}^n F_k\right)\right)\right) = \prod_{k=1}^n Cl\left(\text{Int}\left(Cl(F_k)\right)\right)$, and $\prod_{k=1}^n Cl\left(\text{Int}\left(Cl(F_k)\right)\right) \subseteq \prod_{k=1}^n F_k$ if and only if $Cl\left(\text{Int}\left(Cl(F_k)\right)\right) \subseteq F_k$ for all $k = 1, 2, \dots, n$. The conclusion follows from Corollary 3.2.

Lemma 3.1.4 $\alpha Cl\left(\prod_{k=1}^n A_k\right) = \prod_{k=1}^n \alpha Cl(A_k)$.

Proof : By previous remark, $\alpha Cl(A_k)$ α -closed in Y_k for all $k = 1, 2, 3, \dots, n$. By Lemma 3.1.3

$\prod_{k=1}^n \alpha Cl(A_k)$ is α -closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$. Since $\prod_{k=1}^n A_k \subseteq \prod_{k=1}^n \alpha Cl(A_k)$, $\alpha Cl\left(\prod_{k=1}^n A_k\right) \subseteq \prod_{k=1}^n \alpha Cl(A_k)$.

Conversely, Let $\prod_{k=1}^n F_k$ is α -closed set in $\prod_{k=1}^n Y_k$ containing $\prod_{k=1}^n A_k$. By Lemma 3.1.3, F_k is α -closed in Y_k . Since $A_k \subseteq F_k$, $\alpha Cl(A_k) \subseteq F_k$ for all $k = 1, \dots, n$. Thus, $\prod_{k=1}^n \alpha Cl(A_k) \subseteq \prod_{k=1}^n F_k$. Since $\prod_{k=1}^n F_k$ is arbitrary, $\prod_{k=1}^n \alpha Cl(A_k) \subseteq \alpha Cl\left(\prod_{k=1}^n A_k\right)$.

Theorem 3.1.5. $\prod_{k=1}^n F_k$ is α g-closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$ if and only if F_k is α g-closed in Y_k for all $k=1, \dots, n$.

Proof : Suppose that $\prod_{k=1}^n F_k$ is α g-closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$. For each $k = 1, 2, 3, \dots, n$, let U_k be open set in Y_k such that $F_k \subseteq U_k$. By Lemma 3.1.1, $\prod_{k=1}^n U_k$ is open in $\prod_{k=1}^n Y_k$ and $\prod_{k=1}^n F_k \subseteq \prod_{k=1}^n U_k$. Thus, $\alpha Cl\left(\prod_{k=1}^n F_k\right) \subseteq \prod_{k=1}^n U_k$. In view of Lemma 3.1.4, $\alpha Cl(F_k) \subseteq U_k$ for all $k = 1, 2, 3, \dots, n$. Hence, F_k is α g-closed in Y_k for all $k=1, \dots, n$.

Conversely, suppose that for each $k = 1, 2, 3, \dots, n$, F_k is α g-closed in Y_k . Let $U = \prod_{k=1}^n U_k$ be an open in $\prod_{k=1}^n Y_k$ such that $\prod_{k=1}^n F_k \subseteq U$. Then $\alpha Cl(F_k) \subseteq U_k$ for all $k = 1, 2, 3, \dots, n$. By Lemma 3.1.4, $\alpha Cl\left(\prod_{k=1}^n A_k\right) \subseteq U$. Since U is arbitrary, the conclusion follows.

By constructing proofs parallel to the ones given for Lemma 3.1.3 and Lemma 3.1.4, the following two lemmas are obtained.

Lemma 3.1.7. $\prod_{k=1}^n F_k$ is preclosed in $\prod_{k=1}^n Y_k$ if and only if F_k is preclosed in Y_k for all $k=1, \dots, n$. Lemma 3.1.8.

$$pCl\left(\prod_{k=1}^n A_k\right) = \prod_{k=1}^n pCl(A_k)$$

Theorem 3.1.9. $\prod_{k=1}^n F_k$ is gp-closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$ if and only if F_k is gp-closed in Y_k for all $k=1, \dots, n$.

Proof. Suppose that $\prod_{k=1}^n F_k$ is gp-closed in $\prod_{k=1}^n Y_k$. For each $k = 1, 2, 3, \dots, n$, let U_k be open in Y_k with $F_k \subseteq U_k$. Then $\prod_{k=1}^n U_k$ is open in $\prod_{k=1}^n Y_k$ and $\prod_{k=1}^n F_k \subseteq \prod_{k=1}^n U_k$. Thus, $pCl\left(\prod_{k=1}^n F_k\right) \subseteq \prod_{k=1}^n U_k$. In view of Lemma 3.1.8, $pCl(F_k) \subseteq U_k$ for all $k = 1, 2, 3, \dots, n$. Hence, F_k is gp-closed in Y_k for all $k=1, \dots, n$.

Conversely, suppose that for each $k = 1, 2, 3, \dots, n$, F_k is gp-closed in Y_k . Let $U = \prod_{k=1}^n U_k$ be open in $\prod_{k=1}^n Y_k$ such that $\prod_{k=1}^n F_k \subseteq U$. Then $pCl(F_k) \subseteq U_k$ for all $k = 1, 2, 3, \dots, n$. By Lemma 3.1.8, $pCl\left(\prod_{k=1}^n A_k\right) \subseteq U$ and the proof is complete. 4

4. Recommendation

The reader may find it interesting to continue the investigation of the same in the Cartesian product space $\prod_{k \in I} Y_k$, I is infinite.

List of References

Al-Omari A. and Noorani M. (2009). On Generalized b-Closed Sets. Bulletin of the Malaysian Mathematical Sciences Society, (2) 32:19-30.

Dugundji, J. (1975). *Topology*. New Delhi: Prentice Hall of India Private Limited.

Levine N. (1970). Generalized closed sets in topology. *Rendiconti del Circolo Matematico di Palermo*.(2) 19: 89-96.

Maki H., Devi R. and Balachandran K. (1994). Associated Topologies of Generalized α -closed Sets and α -generalized Closed Sets. *Mem. Fac. Sci. Kochi University Ser Math* 15: 51-63.

Nasef A. (2001). On b-locally closed sets and related topics, *Chaos Solitons Fractals* 12 no. 10.

Njastad O. (1965). On some classes of nearly open sets. *Pacific Journal of Mathematics* 15: 961-970.

Salawikaing Butuanon: Isang Pagsusuri sa mga Aral

An Lezziela Ajesta
College of Arts and Sciences

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay patungkol sa isang pagsusuri sa mga aral na nakapaloob sa mga Salawikaing Butuanon.

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga salawikain ng mga Butuanon, maisalin ang mga salawikain sa wikang Filipino, maunawaan ang mga aral na makukuha sa mga salawikaing ito, at mabatid ang kahalagahan ng salawikain sa buhay ng mga Butuanon.

Batay sa kinalabasan ng masusing pagsusuri, natuklasan ng mananaliksik ang napakaraming mga mabubuting aral ang ipinahiwatig sa mga salawikain mula sa Butuan.

1. Panimula

Bawat bansa ay mayaman sa kani-kaniyang literatura o panitikan. Ang literatura ay maituturing na kayamanan na siyang dapat ipagmalaki at pagyamanin. Ang mga akdang pampanitikan ay siya ring nagbibigay pagkakakilanlan sa isang kultura.

Ang Pilipinas ay tigib sa panitikan na siyang nagbibigay pagkakakilanlan nating mga Pilipino. Ang mga salawikain, kasabihan, tula, alamat, epiko, nobela, awiting-bayan, kuwentong-bayan, sanaysay, bugtong, talambuhay, pabula, parabula ay ang ilan sa mga maipagmamalaking panitikan ng ating bansa.

Sinabi ni Webster (Santiago, 1989), ang anumang bagay na naisatitik, basta may kaugnayan sa pag-iisip at damdamin ng tao, maging ito ay totoo, kathang isip, o bungang tulog lamang ay maaaring tawaging panitikan.

Kung ating pagbubulay-bulayin, ang utak ng tao ay malikot at walang tigil sa pag-iisip, kaya naman ang buong sanlibutan ay puno ng mahihiwagang kaisipan na napaunlad nang napaunlad hanggang sa tayong mga tao ay mayroong tinatawag na panitikan o literatura.

Ang salawikain ay isang mukha ng panitikan na napapalamutian ng sining ang siyang bibigyang pukos ng pag-aaral na ito. Ito ay isa sa mga uri ng panitikan na kinalumaan na ng panahon at kinamulatan ng bagong henerasyon. Hindi lingid sa ating kaalaman na ang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang lipi. Isa na dito ay ang mga Butuanon na nasa hilagang-silangan ng Mindanao. Taglay ng mga Butuanon ang mga salawikain na karaniwang binibigkas ng mga matatanda upang magbigay aral at gabay gamit ang natatanging kagandahan nito. Kaya bibigyang pukos ng pag-aaral na ito ang mga nakuhang aral sa mga Salawikaing Butuanon.

Ang dayalektong ginagamit sa Butuan ay Cebuano-Butuanon. Mga pinaghalong dayalekto ng dalawang varayti ng wika ang Cebuano at Butuanon.

Ang salawikain ng Wikang Tagalog, Bisaya, Ilokano, Maranao, at iba pa ay tinataglay ang parehong kagandahan at kaayusan ng mabubuting payo, kagandahang-asal, at pangaral na siyang tunay na humuhugis sa kabuuan at kahalagahan ng isang salawikain.

Sa pamamagitan ng salawikain, magkakaroon tayo ng ideyang masilip kung anong pag-uugali at paniniwala ang tinataglay ng isang grupo o tribu ng mga tao o maging ang isang lipunang ginagalawan ay nailalarawan sa pamamagitan nito. Sa mga salawikaing Butuanon, may pagkakataon tayong masilip kung ano-ano ang mga aral at diwang nakakapaloob dito. Nakakatulong ang mga salawikain upang mas mabigyang kulay at buhay ang mga kaalamang bayan ng Butuan.

Samakatuwid, taglay ng salawikain hindi lamang ang pang-aaliw dahil sa masining na pagkakaayos nito kundi pati rin ang magbigay ng mga mahahalagang aral, payo at pangangaral ng mga nakatatanda batay sa pangkalahatang layunin nito na nais mapabatid at maituro sa salinlahi. Maging ito man ay nasa iba't ibang dayalekto dulot ng etnograpihong kinalalagyan ng ating bansa. Subalit ang hangarin, gamit at halaga nito ay patuloy na nanatili at hindi mababago mula sa pangunahing gamit at hangarin nito.

Batayang Teoritikal

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kahalagahan at mga aral na makukuha mga salawikaing Butuanon.

Sa lawak ng nasasakop ng mga akdang pampanitikan hindi maiiwasang nakakaimpluwensiya ito sa mga mambabasa. Nagagawa nitong maimpluwensiyahan ang damdamin, isipan at maging ang pagkatao ay mapapanuto nito.

Pinatunayan ni Santiago (1989), na ang salawikain ay nakaugalian ng sabihin at nagsilbing batas at tuntunin ng kagandahang asal ng ating mga ninuno.

Sa kasalukuyang panahon, batid natin ang malimit na pagbibigay ng matalinghagang pahayag ng ating mga magulang o ng mga nakatatanda bilang pagbibigay payo at hangad na mapanuto at magabayan ang mga kabataan sa bawat landasing tatahakin.

Ayon kay Damiana Eugenio (Perez et al. [1999]) binanggit niyang maaaring hatiin ang mga salawikain ayon sa pangkat; 1) nagpapahayag ng panlahat na paningin sa buhay at sa batas ng buhay, 2) pangmabuting asal, 3) nagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao, 4) nagpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao, 5) nakapagpapatawa at 6) iba pang pangkat.

Mula sa ginawang pag-aaral ni Eugenio, ating mababatid ang angkop na kaayusan ng mga salawikain. Ito ay tumutukoy sa batas ng buhay, pag-uugali, pang-aliw at wastong pakikitungo sa kapwa. Dito ay mababakas ang pananalig ng bawat sambayanan sa paglalarawan ng kani-kanilang salawikain. Masasabing kahit pa man binubuo ng maraming lipi ang Pilipinas ay maunlad pa rin itong sumasalamin sa bawat lahi at nagpapakita ng kalinangang Pilipino. Kabilang na ang mga Butuanon na naninirahan sa siyudad ng Butuan ay may mga salawikain ding sumasalamin sa kanilang lahi at paniniwala.

Sinabi ni Sup. Lydia U. Moran (1995):

The compilation of literature and historical data about the Caraganon – his thoughts and feelings, his dreams and aspirations, his character, his behavior and practices, and his continuous struggle for survival – is a step in the right direction.

Isinasaad dito ang klase ng pag-uugali, pananaw, damdamin, kaisipan, pagsisikap at paniniwala ay makikita sa mga akdang pampanitikan kagaya ng Caraganon na sinasaklawan din ng mga Butuanon.

Masasabing ang mga kaalamang-bayankabilang na ang salawikain ay nakakatulong na mahubog sa maayos at tamang pakikipagkapwa ng mga tao.


Kaugnay nito sinabi ni Charles Simmons:

Our attitudes control our lives; attitudes are a secret power working twenty-four hours a day, for good or for bad. It is a paramount importance that we know how to harness and control this great force.

Kung gayon mula sa mga pag-aaral na lumabas mula sa iba't ibang dalubhasa na ang salawikain ay nagiging gabay o tulong upang mapanuto ang mga tao sa tama at wastong paraan ng pamumuhay at ayon nga kay Simmons napakahalaga ng ugali ng tao sapagkat ito ang may kapangyarihang humawak sa kabuuan ng isang tao maganda man o hindi.

Batayang Konseptwal

Ang konsepto ng pag-aaral na ito ay maipapakita sa pamamagitan ng dayagram sa ibaba:



Sa ilustrasyong ginawa, ang mananaliksik ay nangalap ng mga salawikain sa pamamagitan ng pamimigay ng kwestyuneyr sa isang piling lugar ng siyudad ng Butuan na maraming mga lumad ang dito ay naninirahan. Mayroon ding siniping mga salawikain mula sa kompaylasyon ng mga Literaturang Butuanon ni Prof. Didith P. Brown, direktor ng PSWF ng Rehiyon XIII o Caraga.

Buhat sa nalikom na mga salawikain, isinalin ang mga ito sa Wikang Filipino upang sa gayon ay maintindihan ng mga mambabasa na hindi nakakaunawa ng Wikang Butuanon. Matapos maisalin sa Wikang Filipino ay sinikap ng mananaliksik na maiugnay ito sa mga buhay ng mga Butuanon

lalong-lalo na sa mga aral na makukuha dito at kahalagahan nito para sa kanila.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa mga aral na makukuha sa mga salawikaing Butuanon. Sinikap ng mananaliksik na matugunan ang sumusunod ng mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga salawikaing Butuanon?
2. Ano ang mga salin nito sa Wikang Filipino?
3. Ano-ano ang mga aral na makukuha sa mga salawikang ito batay sa mga sumusunod?
 - a. Nagpapahayag ng panlahat na paningin sa buhay at batas ng buhay.
 - b. Pangmabuting asal.
 - c. Nagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao.
 - d. Nagpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao.
 - e. Nakapagpapatawa.
 - f. Iba pang pangkat.Ano ang mga kahalagahan ng mga salawikain sa mga Butuanon?

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang mga aral at kahalagahan ng mga salawikaing Butuanon.

Ang tiyak na layunin ng pag-aaral na ito ay ang sumusunod:

1. Malaman ang salawikain ng mga Butuanon.

2. Maisalin ang orihinal na salawikaing Butuanon sa Wikang Filipino.
3. Maunawaan ang mga aral na makukuha sa mga salawikaing Butuanon.
4. Matukoy ang kahalagahan ng salawikain ng mga Butuanon sa kanilang buhay.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nais ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makapagbigay ng dagdag na kaalaman sa mga mag-aaral, guro at mga mambabasa tungkol sa mga salawikaing Butuanon.

Para sa mga Mag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay napakahalaga sa mga mag-aaral sapagkat makakatulong ito para mas mapalawak pang lalo ang kanilang kaalaman hinggil kahalagahan at kaanyuan ng salawikain. Ang pag-aaral ding ito ay magiging gabay sa mga mag-aaral na naglalayong magsagawa ng pag-aaral na may kaugayan sa paksang tinatalakay.

Para sa mga Guro

Magagamit ito ng mga guro tungo sa lunsarang pagtuturo na may kaugayan sa salawikain at mga kaugalian. Maaari itong makapagbigay ng dagdag kaalaman at mga halimbawa na maibabahagi sa mga mag-aaral.

Para sa mga Mananaliksik

Bukod sa ito ay magiging gabay ng mga mananaliksik sa kanilang gagawing pag-aaral kung magkaugnay ng paksang pinag-

aaralan, mahihikayat din ang kanilang interes na pag-aralan ang ibang salawikain ng iba pang mga liping Pilipino na hindi pa nagagawan ng isang pag-aaral.

Saklaw at Limitasyon

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang ng animnapung (60) salawikaing Butuanon. Ito ay nahahati sa dalawa, ang unang tatlumpo (30) ay mula sa mga kwestyuner na ipinamudmod sa mga Butuanong lumad at ang natirang tatlumpo (30) ay sinipi mula sa kompayleysyon ni Prof. Didith P. Brown direktor ng PSWF (Pambansang Sentro ng Wikang Filipino) Rehiyon XIII o Caraga.

Ang naturang animnapung (60) mga salawikaing Butuanon ay isinalin sa Wikang Filipino sa hangarin nitong lubos na mabatid at maintindihan ng mga mambabasa ang bawat pahayag lalo na sa mga hindi nakakaunawa ng Wikang Butuanon.

Tinukoy ang mga aral na makukuha na masasalamina mula sa mga salawikaing Butuanon at ang kahalagahan nito sa buhay ng mga Butuanon upang maipakita ang mahalagang kaugnayan ng mga salawikain sa tunay na buhay ng bawat indibidwal.

Katuturan ng Katawagang Ginamit

Binigyan ng pagkakahulugan ng mananaliksik ang mga salita sang-ayon sa pagpapakahulugan ng mga dalubhasa, diksyunaryo at gayundin sa pansariling pagpapakahulugan batay sa isinagawang pag-aaral.

Aral-Ito ay kayamanan ng buhay na dapat pag-aralan, matutunan, mapaalaman, malaman, maibahagi at maituro (De Guzman, 1996). Sa isinagawang pag-aaral tumutukoy ito sa mga paalala para mapabuti ang buhay ng tao.

Butuanon-Ito ang tawag sa mga taong nakatira sa Butuan City (Kulturang Caraga, 1995). Tinutukoy nito ang mga taong pinagbatayan sa pag-aaral na ito.

Caraganon- Tawag sa mga taong nakatira sa lugar na sakop ng Rehiyon XIII o Caraga (Kulturang Caraga, 1995). Tumutukoy sa ibang rehiyonalistikong katawagan ng mga Butuanon.

Kagandahang-asal –Ito ay ang ugali, kilos, ayos, saloobin, palagay, paninindigan at tibay ng loob (De Guzman, 1996). Sa pag-aaral na ito, ang asal na ito ay ang mabuting ugaling taglay ng isang tao.

Kaugalian-Tumutukoy ito sa kasabihan, kilos, gawi, asal o kinagawian ng isang tao (English-Filipino Dictionary, 1999). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa kinagisnang kilos o gawi ng isang tao.

Kultura-Mga pinaghalong kalinangan (English-Filipino, 1999). Sa pag-aaral na ito sumasaklaw ito sa sa paniniwala, tradisyon at kaugalian na kinalala sa isang komunidad.

Lipi-Maaaring ito ay isang angkan, lahi o pamilya (Diksiyunaryong Filipino-English, 2000). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa liping Butuanon.

Pagpapahalaga -Pagbibigay ng kaukulang pansin o pagkilala; pagpapahalaga sa angking katangian (Diksiyunaryo ng Wikang Filipino, Sentinyal Edisyon, 1988). Tumutukoy sa mga pagpapahalagang makukuha sa mga salawikain ng mga Butuanon.

Pagsasaling-wika -Isang paraan ng paglalapat ng katumbas sa isang wika (Santiago, 1971). Sa pag-aaral na ito,tinutukoy nito ang pagsasalin ng Wikang Butuanon sa Wikang Filipino.

Panitikan-Ang panitikan ay yaong walang kamatayan, yaong nagpapahayag ng damdamin ng isang tao bilang isang ganti niya sa reaksiyon sa kanilang pamg-araw-araw na pagsusumikap na makita ang Maykapal (Santiago, 1989). Sa pag-aaral na ito, ang panitikan ay sumasalamin ng kaisipan at damdamin ng tao. Ito ay may iba't ibang sangay kagaya ng tula, bugtong, sanaysay, nobela, at iba pa.

Salawikain-Ang mga patulang aral o paalala, malimit ay may sukat at tugma at siyang bukambibig ng mg atao lalo na ng mga matatanda (Nicasio et.al. 1965). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga salawikaing Butuanon.

Wikang Filipino–Ito ay batay sa iba't ibang katutubong wika sa Pilipinas (Santiago, 1981). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa pambansang wika ng Pilipinas.

2. Kaugnay na Panitikan at Pag-aaral

Sa bahaging ito humanap ng iba't ibang akdang pampanitikan ang mananaliksik upang maiugnay sa ginawang pag-aaral.

Kaugnay na Panitikan

Ang panitikan ang sumasalamin at naglalarawan ng kaugalian, paniniwala, pamumuhay, kaisipan, at siyang nagbibigay pagkakakilanlan sa isang kultura. Sa pamamagitan ng panitikan, malalaman natin ang pinagmulan ng isang pangkat , kung paanong umunlad at nabago ang kani-kanilang yamang panitik.

Ayon kay Constantino, et al.(1985), sa pagbuo ng identidad na pangkultura, malaki kundi pinakamalaki ang papel na gagampanan ng panitikan.

Sa sinabing ito ni Constantino ay mas binigyan pa niyang linaw na sa pamamagitan ng panitikan ay makikilala ang isang kultura at makikitang ito ay natatangi.

Dagdag naman ni Isagani R. Cruz, et al. (1981), ang panitikan ay isang kilalang likhang-isip, isang bunga ng pagsasanib ng imahinasyon ng manunulat at ng maraming bagay- ang panlabas na reyalidad ang kinabibilangan niyang sistema, ang pangkalahatang pananaw ng komunidad, ang sistemang sining o estetika, at ang wikang ginagamit at marami pang elemento ng kanyang tagapakinig o tiyak na panahon at pook.

Tunay na ang mga kathang pampanitikan ay mas mapapakulay at mas mapapaganda sa pag-uugnay ng sining ng pag-iisip at sa reyalidad sa angkop na panahon at lugar. Ang mga yamang pampanitikan ay hindi lamang limitado sa pagbibigay ng aliw kundi naglalarawan din ito at nagpapakita ng katangian, paniniwala, at gawi ng mga tao, nating mga Pilipino at maging ng ibang mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Sinabi naman ni Santiago, et al. (1989), maipamalas natin ang sariling kaugalian, pananaw at kalinangan ng ating lahi at masuri ang ating sariling panitik ayon sa mga magagandang katangian nito.

Ang panitikan ang kadalasang pumupuno sa kabuuan ng isang lipunan at dito rin masusuri ang kalinangan ng bawat lahi.

May malaking kaugnayan ang kaalamang-bayan upang mas mabigyang lalim ang kabatiran ng isa sa mga yamang panitikan na

salawikain. Si Mon Leon ay nagwika mula sa aklat ni Ramos, et al. (1984), na ang salawikain ay naging ugali nang sabihin at nagsilbing batas ay tuntunan ng kagandahang-asal ng mga tao. Isang sambitang patambis na nakasalalay sa isang matandang paniniwala at pandaigdig na katotohanang malaon nang ginagamit ng isang lipunan.

Patunay itong ang salawikain mula sa iba't ibang liping Pilipino ay hindi nagkakalayo sa layunin, hangarin at kaayusan upang ang mga tao ay mapanuto sa bawat hakbang na gagawin sa buhay. Nagsisilbi rin itong gabay o paalala pati na rin aral sa sinuman upang ang buhay ay maging maayos at katangi-tangi.

Ang salawikain ayon kay Cassanova, et al. (1999), nagpapahayag ng aral at nagiging batayan ng magandang pag-uugali at kinapapalooban ito ng mabubuting payo at paalala hango sa mga karanasan sa mga matatanda.

Kaya karaniwan sa ang mga salawikain ay ginagamit upang magturo ng mabuting kaugalian at magbigay aral hango sa mga karanasang hindi na dapat pang pamarisan. Sa kabuuan, ang mga panitik kagaya ng salawikain ay tumutulong upang mahubog, makilalaat maipamalas ang natatanging paniniwala, kaugalian, aral at payo o pangaral ng isang tribu, lipi o grupo sa isang komunidad o pook upang ito ay magsisilbing gabay ng bawat indibidwal para sa mas maayos na pakikibaka sa buhay.

Kaugnay sa Pag-aaral

Hindi lang iilan kundi marami-rami na rin ang nagawang mga pag-aaral hinggil sa pag-uugali at kagandahang-asal na matatagpuan sa mga akdang pampanitikan. Ito man ay mga pag-uugali o mga kaasalan na masasalamain sa maikling-kwento,

awiting-bayan, kwentong bayan o ng iba pang akdang pampanitikan hanggat sumasaklaw sa mga kabutihang asal.

Ayon nga sa kinalabasan ng pag-aaral ni Capadngan (2004), sa kanyang sinuring maikling kwento, natuklasang lahat ng tao ay may sariling kaibahan at hindi lahat ng tao ay magkakapareho.

Ang kanyang pag-aaral ay sumasaklaw sa mga kagandahang asal na makikita sa maikling kwento ay makikita din at maiuugnay kapareho ng mga magagandang asal na makikita sa mga salawikain ng mga Butuanon. Mula sa mga nailathalang mga panitik ay maiimpluwensyahan ang isipan ng mga mambabasa ukol sa mga aral na makukuha nila kagaya nalang ng mga salawikain na taglay ang pagbibigay ng mga aral na siyang importanteng salik na magsisilbing gabay para sa mga kabataan upang kahit papaano ay matulungan silang hindi malihis sa tamang landasin.

Ayon sa pag-aaral ni Cali (2003), pinamagatang “40 Salawikaing Maranao: Isang Pagpapahalaga” kanyang natuklasan na sadyang mababatid sa bawat pananaro-on o salawikain na binibigkas ay nagpapakita nang marubdob na layuning umakay, magturo sa mga tao upang hindi sila maligaw sa landas na tinatahak.

Malaki ang kaugnayan ng pag-aaral na ito sa pananaliksik na ginawa ni Cali sapagkat pokus nitong pareho ang pag-aaral sa pag-uugali, mabubuting asal at mga aral mula sa mga karanasan na isinasalamin sa pamamagitan ng salawikain. Sa tuwirang pagkakasabi ang salawikain ay isang mabuting instrumento para sa pagtuturo ukol sa kaayusan ng buhay ng tao.

3. Metodolohiya

Sa kabanatang ito ilalahad kung paano ginawa ang pag-aaral mula sa hakbang ng pangangalap ng datos hanggang sa ito ay mabigyang suri. Ang pamamaraang ginamit ng mananaliksik ay diskriptib.

Paraan ng Pangangalap ng mga Datos

Ang paraan ng pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay kinapapalooban ng mahahalagang hakbang. Ang mananaliksik ay namigay ng mga kwestyuner, laman ang mga katanungang gaya ng mga sumusunod: 1) Mayroon ka bang alam na salawikaing Butuanon? 2) Maaari mo ba akong bigyan ng ilang halimbawa? 3) Ano ang aral na makukuha dito? 4) Ano ang kahalagahan nito para sa inyong nga Butuanon?

Mula sa mga katanungan na pinasagutan kumuha ang mananaliksik ng animnapung (60) salawikain mula sa mga nalikom na datos.

Krayterya sa Pagpili ng Bibigyan ng Kwestyuner

Sinikap ng mananaliksik na ang mapagsangguniang mga tao ay karapatdapat kuhanan ng mga angkop na impormasyon. Ito ang sumusunod na mga krayterya:

- 1) May tatlumpo't limang (35) taong gulang pataas.
- 2) Isinilang sa Butuan at kasalukuyang doon pa rin naninirahan.
- 3) Patuloy na gumagamit ng iilang salawikain sa pang-araw-araw na pakikisalamuha at pakikipagtalastasan.

Tagpuan ng Pag-aaral

Ang siyudad ng Butuan ay mayaman sa literatura na patuloy na inaalagaan at pinagyaman upang ito ay mananatili at mapakinabangan ng mga darating pang henerasyon.

Si Luz S. Almeda, PhD.(1995) ay nagwikang:

Caraga, a newly created region by virtue of RA 7901, is not far behind in its desire to gain identity in culture relatively in literature, history, heritage and geography and to include deep feelings of solidarity and pride among its people.

Malinaw na isinaad dito na sa pagtatag ng sariling panitikan ng mga Caraganon na kinabibilangan ng mga Butuanon, makakamit ang mas malalim na samahan ng buong rehiyon.

Malawak ang nasasakupan ng Butuan, ito ay binubuo ng walumpo't anim (86) na mga barangay. Ang pangalan ng Butuan ay hinalaw mula sa isang prutas na *Batuan* na makikita noon na marami sa naturang lugar kaya ipinangalan sa prutas na ito ang lugar ng Butuan.

Sa dami at lawak ng nasasakupan ng Butuan pinili ng mananaliksik ang Brgy. Dankias sa kadahilanang mas madali para sa mananaliksik ang pangangalap ng mga datos dahil sadyang malapit lang ito sa kanyang tahanan at maraming kakilala na maaaring makatulong sa kanya sa pagtukoy kung sino-sino ang maaaring mahingan o mapagkunan ng mga datos.

Sa Dankias kung saan ginawa ang pag-aaral, ang pamumuhay ng mga tao sa naturang lugar ay hindi nalalayo sa

kalimitang modernong pamumuhay. Ang pangunahing ikinabubuhay ng mga taong naninirahan dito ay mula sa pangangalakal, agrikultura, at pangengempleyado sa gobyerno at pribadong institusyon.



Batayan ng Pagsasaling-Wika

Ang pagsasaling-wika ay lubos na kinakailangan sa pananaliksik na ito upang lubos na maunawan ang bawat detalyang ipapahayag at para may wastong kaayusan sa pagpapanatili ng diwa ng mga salawikaing Butuanon sa pagsasalining wikang Filipino. Nang sa gayon ay marami ang makakaunawa at makakagamit sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik.

Ayon kay Alejandro Abadilla (1980), hinggil sa pagsasaling-wika, ang pagsasalin o paglilipat ng mga kahulugan sa pamamagitan ng “diwa sa diwa”.

Kinakailangang diwa sa diwa ang kailangang ilapat ng mananaliksik upang sa gayon ay hindi maiba o mabago ang kahulugan at nilalaman ng bawat salawikain. Mula sa orihinal na salin na Butuanon ito ay isinalin sa Wikang Filipino.

Maingat na isinalin ng mananaliksik ang mga salawikaing Butuanon upang ito ay tumpak sa tamang diwa at pagpapakahulugan ng bawat salawikain. Matapos ang isinagawang pagsasalin pinasuri ito sa isang taong may awtoridad sa ganitong aspeto. Si Prof. Didith P. Brown na minsan na ring gumawa ng pag-aaral hinggil sa mga panitikang Butuanon at kasalukuyang direktor ng PSWF ng Caraga ang siyang sumuri at nagbigay ng agarang pagwawasto sa ginawang pagsasalin.

4. Paglalahad, Pagsusuri at Pagpapahalaga

Sa kabanatang ito binubuo ang paglalahad, pagsusuri at pagpapahalaga sa mga Salawikaing Butuanon upang ipakita ng mananaliksik kung paano tinalakay at sinuri ang ginawang pag-aaral.

Paglalahad at Pagsusuri

Ang mga Butuanon ay maraming iniingatang yaman katulad din ng karamihang liping Pilipino na inaalagaan ang mga bagay-bagay na tumutukoy sa kanilang pagkakakilanlan. Isa sa mga angking kayamanan ng mga Butuanon ay ang kaalamang-bayan na naging gabay nila sa maayos at mabuting pagbibigay payo at upang mapanuto ang bawat indibidwal sa tama at wastong gawi ng tao at pakikipagkapwa tao. Ito ang *panultihon* o salawikain. Ito ang naging kasangkapan lalong-lalo na ng mga nakakatanda upang magbigay-aral sa mga henerasyong nakababata at para sa mga mahal sa buhay.

Sa puntong ito, makikita ang mga kinalap na datos ng mananaliksik, ang mga Salawikaing Butuanon nalikom mula sa mga sinagutang kwestyuner ng ilang piling lumad ng Butuan at sipi mula sa isang kompayleasyon ng Literaturang Butuanon ni Prof. Didith P. Brown. Mayroong tatlumpong salawikaing (30) mula sa nakuhang kasagutan sa mga pinamudmod na kwestyuneyr at karagdang tatlumpong (30) salawikain naman mula sa kompayleasyon ng Literaturang Butuanon.

Talahanayan I: Mga Salawikain na Nagpapahayag ng Panlahat na Paningin sa Buhay at sa Batas ng Buhay

SALAWIKAING BUTUANON	SALIN SA WIKANG FILIPINO	ARAL NA MAKUKUHA
1. Walay hait na dili mangawud.	Walang matalim na hindi mapupurul.	May katapusan ang lahat.
2. Kon uno kataas ang naabot mo, mao usab kataas ang mahukugan mo.	Kung anong taas ng iyong narating ay ganon din kataas ang iyong kababagsakan.	Huwag maging mapagmataas.
3. Makapobre gid kanimo ang pagkaputahaw mo.	Ang katamaran dulot ay kahirapan.	Ang katamaran ay walang mabuting maidudulot.
4. Masipog kaw hong kahanga mo.	Nakakahiya ang pagiging sakim.	Huwag maging ganid.
5. Ang buotan nga asawa mas bililhon pa hong alahas.	Ang mabuting asawa ay mas mahalaga kaysa mamahaling alahas.	Pagiging mabuting kabiyak.
6. Ang magtanom ug hangin, ang anihon bagyo.	Kung magtatanim ng hangin, bagyo ang aanihin.	Maging mapagkumbaba sa pakikipagkapwa.
7. Ang kaminyuon dili sama sa kan-on na kung mapaso mahimong iluwa.	Ang pag-aasawa ay hindi parang kanin na isusubo na iluluwa kung mapapaso.	Kabalan ng pag-aasawa.
8. Mayumo ang pagpaubos.	Mabuti ang magpakumbaba.	Maging mapagkumbaba.
9. Ang magdali magkabali.	Ang pagmamadali ay nauwi sa pagkakamali.	Huwag padalos-dalos sa mga hakbang na

		gagawin.
10. Way kalisod nga dili pwedeng sulbadon, nganosi ba nga ang kinabuhi tagaan hong kamingaw.	Walang suliranin ang hindi kayang lutasin, bakit kailangang ang buhay ay lubusang palungkutin.	Wag mawalan ng pag-asa.
11. Ang kinabuhi na gubot dili makahaw-as hong kalisod.	Ang buhay na magulo ay hindi makakaahon sa kahirapan	Ang pagkakaroon ng buhay na mapayapa ay nakatutulong upang umunlad.
12. Ang wang pag-undang hong gasto, kapa iyanan ka lisod.	Ang walang habas sa paggastos, kauwian ay paghihikahos.	Huwag maging bulanggugo.
13. Kung tiyan mo kakurog-kurog, ang o galutaw-lutaw.	Kung ang tiyan ay kakalam-kalam, ang utak ay lulutang-lutang.	Maging masipag upang may makain.
14. Ang kalisod masulbad hong kakugihan.	Ang kahirapan ay nalulunasan ng kasipagan.	Pagiging masipag.
15. Kung pobre kaw na wa'y bahandi, kabuotan amo'y puhunan.	Kung mahirap ka at walang yamanan, kabaitan mo'y tangi na ring puhunan.	Maging mabait.
16. Ang binuhatang madyaw ay masig-o sa Diyos.	Ang mabuting gawain ay patunay na tayo ay nagmula sa Maykapal.	Ang pagiging mabuti ay kaloob ng Diyos.
17. Ang madyaw na pag-ampo makaabot jud sa Diyos.	Ang taimtim na panalangin ay tiyak sa Diyos makakarating.	Dinidinig ang panalangin kung may paniniwala.
18. Ang tawong may kahibawo, di kalimbungan.	Ang taong may karunungan ay hindi basta malalamangan.	Ang taong may dunong ay hindi naiisahan.
19. Ang kakugi hong inubanan kasawa magpaingon ngadto sa mahayong grasya.	Ang sipag na tinumbasan ng tiyaga ay hahantong sa ibayong biyaya.	Maging masipag at matiyaga.
20. Ang tinuod na maisog maghuna-huna adisir mu ato.	Ang totoong matapang, nag-iisip bago lumaban.	Gamitin ang utak hindi ang emosyon.
21. Ang madyaw na utak	Ang matalinong tao ay	Ang karunungan ay

ay paglaum hong kalibutan.	pag-asa ng mundo.	dapat gamitin sa wastong paraan.
22. Ang madyaw na utok usa ka bahandi, way makailog bisan sin-o.	Ang katalinuha'y isang kayamanan at walang makakaagaw kahit sinuman.	Ang katalinuhan ay tunay na kayamanan.
23. Ang pagsalig hong tanan ay reserba hong tawong matinud-anon.	Ang tiwala ng lahat ay nakalaan sa isang taong matapat.	Ang pagiging matapat ay makukuha ang tiwala ng nakararami.
24. Kung ang kinabuhi mo gipangga, dignidad mo kinahanglan bantayan.	Kung ang buhay mo'y pinahahalagahan, karangalan mo ri'y dapat ding ingatan.	Dignidad ay pakaingatan.
25. Ang kinabuhi mo yaoy dignidad, yaoy panghambog bisan hain.	Ang buhay na may dangal maipagmamalaki kahit saan.	Kapag dignidad ay iningatan tunay na ito'y kapita-pitagan.

Batay sa unang talahanayan, makikita ang mga salawikaing nabibilang sa pagpapahayag ng panlahat na paningin sa buhay at batas ng buhay ay may makukuhang mga aral at kahalagahan gaya ng mga sumusunod:

May katapusan ang lahat. Ibig sabihin nito ay lahat ng bagay at buhay na nasa ilalim ng araw ay pansamantala lamang. Lahat ay may kaukulang katapusan, pagbabago at wakas. Ang tanging permanente dito sa mundo ay ang pagbabago at walang nananatili sa iisang katayuan lamang sapagkat ang tao ay laging mapanghangad.

May mga pagkakataon na sa buhay ng isang tao ay nakakaranas ng sobrang kaginhawaan na minsan umaabot sa puntong ito ang dahilan ng maaaring ikakabago ng isang tao mula sa pagiging simpli hanggang sa pagiging mapagmataas nito. Subalit dapat tandaan na hindi sa lahat ng pagkakataon ay nananatili ang ganitong sistema, darating ang araw na maaari magbago ang lahat. Magiging maginhawa na ang dati ay naghihirap at maghihirap ang

dati'y napakayaman. Ito ay bibigyang tunay sa salawikaing "Walang matalim na hindi mapupurol".

Ang kahalagahan nito sa buhay ng isang tao ay dapat mananatiling mabuti sa kapwa nang walang pinipiling panahon sapagkat maaaring hindi lahat ng pagkakataon ay ika'y nasa ibabaw. Kaya kung darating sa puntong ika'y maghihirap ay hindi mahirap ang sa iba'y humingi ng tulong at lumapit sapagkat hindi ka nakagawa ng hindi kanais-nais ng mga bagay sa kanila at dahil dito kabutihan din ang igaganti nila sa iyo.

Huwag maging mapagmataas. Ang mundo'y napakatahimik at walang gulo kung pipiliin ng mga taong mapagkumbaba sapagkat ang pagiging mapagmataas ay kailanma'y walang kabutihang naidudulot. Ang taong may pagmamalaki lagi sa sarili ay hindi makakatagpo ng katiwasayan sa buhay, tulad ng salawikaing "Kung anong taas ng iyong naabot ay ganon din kataas ang iyong kababagsakan", sapagkat ang taong mapagkumbaba ay hindi iniisip na nakakaangat siya kaysa sa iba at wala sa puso nito ang panglalamang sa iba.

May mga pagkakataong minsan ay nakakaranas tayo ng kagainhawan at pag-angat sa buhay. Mula sa ating nakikita hindi maiiwasan na ito'y nagiging mitsa sa pagbabago ng isang tao sa kanyang pakikitungo sa kapwa lalong-lalo na sa mga taong salat sa karangyaan. Kung bago sa buhay nito ay mayroon ng pagmamalaki dahil sa pansamantalang tugatog na nararanasan kung saan ay hindi sana dapat sapagkat anumang bagay na naabot mo subalit hindi inalagaan sa mabuting paraan ay tiyak hindi mananatili sa iyo ang maganda at mabuting pagkakataon upang mas lalong umunlad at magtagumpay sa buhay.

Ang kahalagahan nito sa tao ay upang mapanuto tayo sa dapat at hindi dapat hinggil sa pakikitungo sa kapwa sa mga pagkakataong nakakatanggap tayo ng biyaya sa buhay.

Ang katamaran ay walang mabuting maidudulot. Ang pagiging tamad ay tunay na hindi makakatulong upang ang isang tao ay umunlad. Ang hindi paggawa ay ang hindi pagnanais na mabuhay tulad ng salawikaing “Ang katamaran, dulot ay kahirapan”.

Sa buhay kalimitang ang isang tao kapag walang ginagawa at hindi nagsisikap maghanap ng trabaho o kaya ay umaasa sa iba ay makakaasang kahirapan lang ang matatamasa. Paano uunlad ang isang taong walang ginawa kundi ang humilata at maghihintay lamang ng grasya darating? Saan ka ba makakakita ng isang tambay sa kanto na maunlad sa buhay? Tanging ang mga taong nagsusumikap lamang ang makakaranas ng kaginhawaan sapagkat sa pamamagitan ng pagkilos at paggawa ay may maaani kang grasya at magkakaroon ng salapi na maaaring ipambili ng pagkain o kaya ay ipambili ng mga kakailanganin sa bagay.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang tao na kailangang magsumikap sa buhay upang hindi maghirap at upang hindi maging pabigat sa iba at sa hindi pagiging tamad sa buhay tiyak ay ginhawa.

Ang pagiging sakim ay walang magandang dulot. Ang taong sakim ay laging nag-iimpok para sa pansariling kasaganaan at walang hinangad kundi ang mapabuti ang sarili at walang pakialam sa iba. Kaya nga sinasabi ng salawikaing ito na “Nakakahiya ang pagiging sakim”.

Sa buhay hindi maiiwasan ang pagkakataong makatagpo ng isang sakim na tao o kaya ang mismong sarili ay may bahid ng

pagiging isang sakim. Sinasabing likas sa isang tao ang pagiging sakim subalit ito ay hindi tamang pagdadahilan. Ang isang taong sakim ay inuuna ang sarili higit kanino man, ayaw ibahagi sa iba ang anumang mayroon siya at kung magbigay man ay mabigat sa loob nito. Kagaya ng taong kapag may bisita o kaya ay kapitbahay na darating ay madali nitong naitatago ang pagkain o tatakpan agad ang pagkain sa mesa, sa pag-iiwas na mahingian ito.

Ang kahalagahan nito ay upang ilahad sa mga tao na hindi kanais-nais na katangian ang pagiging sakim at siyang dapat na ikahiya. Dito makikita ang hindi kaaya-ayang katangian ng isang sakim na tao na ugaling hindi dapat pamarisan.

Pagiging mabuting kabiyak. Ang pagiging mabuting asawa ay ang paghahangad ng maayos at masayang pamilya. Ang pagiging isang mabuting asawa din ay isang kayamanan na walang kaukulang halaga ang maaaring ipanumbas. Tulad ng salawikaing “Ang mabuting asawa ay mas mahalaga kaysa sa mamahaling alahas”.

Ang pagiging mabuting asawa ay inihahalintulad sa isang alahas na hindi matutumbasan ng salapi. Para sa mga may-asawa na, pakakatandaan na ang pinakamagandang bagay na magagawa ninyo ay hindi sa pagkakroon ng mataas na posisyon sa trabaho o ang yumaman nang yumaman kundi ang magampanan ang isang pagiging mabuting asawa. Tamang magpalaki sa mga anak, naibibigay ang pangangailangan ng pamilya sa aspetong, materyal, emosyonal, mental at ispiritwal. Higit sa lahat hindi naghahanap ng kalinga mula sa iba. Sa madaling sabi, isang dakilang asawa.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan tayo kung ano at paano maging isang mabuting asawa para magkaroon ng isang maayos at masayang pamilya, kaugnay nito ay ang makabuo rin ng isang maayos at masayang lipunan.

Dapat taglayin ang mabuting pag-uugali para sa pakikipagkapwa. Isang mainam na kasangkapan sa pakikipagkapwa ang pagkakaroon ng mabuting pag-uugali sapagkat kung ito ay hindi taglay ng isang tao, hindi magiging ganoon kaepektibo ang kanyang nais na magkaroon ng kaibigan. Iniiwasan ng tao, siyempre ang hindi mabuting tao din mismo. Kung ano ang iyong binigay at ginawa sa iyong kapwa ay ganoon din mismo ang gagawin at makukuha mo sa iyong kapwa kaya sinasabi ng salawikaing ito na “Ang magtanim ng hangin, bagyo ang aanihin”.

Sa mga pagkakataong kapag may isang taong galit ay hindi dapat ito sinasabihan ng mga salitang mas lalong magpapsidhi sa kanyang nararamdaman, ang pagkagalit. Upang hindi lalong mag-aapoy ang kanyang damdamin na maaaring maghahatid sa mas komplikadong sitwasyon. Kaya mas mainam na sa mga pagkakataong gaya nito ay ingatan ang bawat salitang bibitawan baka ito ang maging mitsa ng kaguluhan.

Ang kahalagahan nito ay upang paalalahanan ang mga tao sa mabuting pakikipagkapwa. Ang pag-iingat sa bawat sasabihin ay upang makaiwas sa anumang gulo at kapahamakan.

Kabanalan ng pag-aasawa. Ang pag-aasawa ay isang sagrado sapagkat ito ay isang biyayang ipinagkaloob ng Diyos. Ito ay ang pagpili ng taong gusto mong makasama sa habangbuhay sa hirap at ginhawa. Kaya ang pagpili ng magiging kabiyak ay hindi basta-basta kagaya ng pamimili ng damit ng kung luma at kupas na ay itatapon na lang at bibili na naman ng panibago. Kaya tayo tinuruan sa salawikaing ito na “Ang pag-aasawa ay hindi parang kanin na isusubo at iluluwa kung mapapaso”.

Sa kasalukuyan maraming mga mag-asawa ang naghihiwalay, apektado ang pamilya lalong-lalo na ang mga anak nito. Tamis ng pagmamahalan, pait ng awayan at sakit ng

hiwalayan. Ito na ang nagiging siklo ng pamilya sa kasalukuyan. May iba na halos tatlong beses ng nakipaghiwalay at papalit-palit ng asawa. Sa huli ang mga anak ang naaapektuhan ng higit. Karaniwan ngayon sa mga mag-asawa kunting hindi lamang pagkakaintindihan humahantong agad sa hiwalayan ni hindi man lang sumubok na ayusin at ni hindi man lang inisiip ang damdamin ng mga maaapektuhan. Kalimitan sa mga naghihiwalay ay walang pagkukusa na ayusin ang gusot para sa mas matatag sana na samahan, pero hindi, dahil sa sobrang liberal ang pag-iisip ng mga tao iniisip nilang ang paghihiwalay lamang ang tanging solusyon sa hindi pagkakaintindihan ng buhay mag-asawa. Nawaglit sa isipan ng karamihan ang kabanalan ng pag-aasawa, ang isang biyayang handog ng Diyos na para sana sa ikasisiya ng isang tao subalit ang paningin ng tao ukol dito ay kumitid at nabago base mismo sa kung ano ang nais at pansariling ikasisiya ng tao.

Ang kahalagahan nito sa atin ay upang tayo ay mapaalalahanan kung gaano kahalaga ang pag-aasawa upang maikintal sa ating pagkatao na ang pag-aasawa ay isang sagradong bagay na hindi basta ipagsawalang bahala lamang na maaaring susubok lang at aayaw na kung kailan gusto sapagkat ang maaapektuhan ng matindi ay ang mga anak at ang mga magulang na naghiwalay mismo.

Mabuti ang magpakumbaba. Ang pusong mapagkumbaba ay puno ng kagalakan sapagkat nasa kanya ang kaharian ng langit. Ang pagkamakumbaba ay ang pagparaya at pagbibigay para sa iba kung saan ang paggawa ng kabutihan ay siyang tunay na kaligayahan. Kaya may salawikaing nagsasabing “Masarap ang magpakumbaba”.

May mga pagkakataong may mga taong nakakaranas ng katangi-tanging tagumpay, yumayaman at sumisikat. Kagaya ng kilala ng lahat na si Charice Pempengco kung saan naabot niya ang

tugatog ng tagumapay dahil sa galing nitong umawit. Siya ay kilala di lamang sa Pilipinas kundi halos sa buong mundo dahil sa galing nito. Ang ikinagaganda nito ay nananatili pa rin siyang mapagkumbaba at patuloy pa ring nakayapak sa lupa ang kanyang mga paa. Minsan sa pagsakay niya sa eroplano mas ginigusto niyang makihalubilo hindi doon sa masyadong mayayaman at tanyag, kundi doon sa mga karaniwang tao lamang kung saan naipapalabas niya ang totoong siya. Mas nasisiyahan siyang sumakay katabi ang mga ordinaryong tao lamang kung saan ay doon siya nasanay at sabi niya hindi kailangang magbago dahil lang sa naging sikat na. Sa puntong ito hindi lamang si Charice ang nasisiyahan kundi maging ang mga taong nakakaalam nito ay natutuwa kapag nalamang sa kabila ng kasikatan ay nananatiling mapagkumbaba pa rin si Charice na kay sarap pamarisan.

Ang kahalagahan nito para sa lahat ay upang ating isaisip na kahit ano pa mang pangyayari o biyaya na darating sa buhay ay dapat patuloy pa ring nakayapak ang ating mga paa sa lupa sapagkat hindi lamang ang mga tao ang ating napapaligaya kundi lalo na ang Diyos, na siyang pinakamapagkumbaba sa lahat.

Huwag magpadalos-dalos. Dapat gawin ang mga bagay na may pagdahan-dahan at pag-iingat nang sa gayon ay hindi magkakamali at hindi na naman babalik sa umpisa. Ang pagiging marahan at sigurado ay isang hakbang upang makatipid sa panahon dahil dito naiiwasan ang maraming pagkakamali. Kaya patuloy na pinapaalala ng salawikaing ito na “Ang pagmamadali ay nauwi sa pagkakamali”.

Sa sitwasyong kagaya ng isang empleyado sa kompanya kung saan kay dami ng kanyang gawain. Maraming dapat isulat, maraming dapat puntahan at maraming dapat kausapin. Dahil sa dami ng dapat gawin, laging nagkukumahog ang isang empleyado upang matapos ang lahat bago ang mga dead line. Sa puntong ito

ang ginagawa ng karamihan ay magmadali nang magmadali dahil sa marami pang nakapilang mga gawain. Dahil sa kalimitang pagmamadali marami ang nauuwi sa mali, marami ang nakaligtaan at marami sa ginawa ay hindi naging ifesyente. Ang mangyayari ay babalik na naman sa simula at uulit ng panibago. Kaya mas mainam kung dahan-dahang gawin ang mga bagay-bagay. Bawat bagay ay may karampatang tamang oras ng paggawa. Huwag piliting gawin ang isang bagay para sa hangad na mapadali lamang sapagkat maaaring kabaliktaran ang mangyayari dito. Dapat isa-isa lamang at dahan-dahan upang mas mapagtuunan ng pansin ang kasalukuyang gawain at may magandang resulta at para makaiwas sa mas maraming pagkakamali.

Ang kahalagahan nito ay upang ang tao ay mapagsabihan na hindi sa lahat ng oras nakakabuti ang pagmamadali para mas marami ang magiging katuparan mas mainam din ang gumawa ng may pagdahan-dahan para makaiwas sa maraming pagkakamali.

Huwag mawalan ng pag-asa. Tunay na ang mundo sa ngayon ay puno ng mga suliranin at walang makakaiwas nito pero magagawa nating labanan ito. Habang may buhay ay may pag-asa. Ang mga suliranin ay nakakatulong upang mahubog ng husto ang ating pagkatao at maging matatag para sa mga maaari pang darating na mga pasanin sa buhay. Ating tandaan ang dakilang pagmamahal ng Diyos sa atin na kailanma’y hindi niya tayo binibigyan ng pasaning hindi natin kayang dalhin. Ang salawikaing “Walang suliranin ang hindi kayang lutasin, bakit kailangan ang buhay ay lubusang palungkutin” ay nagpapaalala sa atin at nagbibigay ng pag-asa upang huwag mawalan ng pag-asa sa buhay.

Kagaya ng isang taong dumaranas ng matinding pasanin sa buhay. May kahirapan sa pinansyal, may trabaho subalit kulang ang kinikita, namatayan pa ng asawa at nagkasakit naman ang anak. Ngayon isipin mong ikaw ang nasa ganitong katayuan, iisipin mo

kayang may pag-asa kapang makakaahon o susuko na lamang sa laban sa buhay? Sinasabing bawat suliranin ay bunga mismo ng pinaggagawa natin sa buhay o dili kaya’y isa itong pagsubok upang mas lalong tumatag ang isang tao. Pero kahit ano pa man ito, tunay pa rin na walang anumang suliranin na walang kalutasan basta mananalig ka lamang. Sa bawat kapithayaan na kasasagupain sa buhay, mas mainam na tingnan ito sa dakung may liwanag upang hindi lalong bibigat ang pakiramdam at magkaroon ng panahon na ngumiti dahil makakagaan din ito sa bigat na pinapasan. Laging tandaan na mayroon tayong Diyos Ama na handang na tumulong sa atin kung pakikingingan lamang natin ang kanyang pakiusap at bulong sa atin. Kalimitan kasing nangyayari sa ganitong pagkakataon ay natatabunan ng suliranin ang mukha ng Panginoon dahil sa kawalang tiwala ng tao sa Diyos.

Ang kahalagahan nito sa atin ay upang paalalahanan ang bawat isa na kahit anumang pagsubok at suliranin na darating sa ating buhay ay ‘wag tayong mawalan ng pag-asa sapagkat lahat ng ito ay may hangganan at kalutasan kung patuloy na mananalig at maniniwala lamang.

Ang pagkakaroon ng buhay na mapayapa ay nakakatulong upang umunlad. Ang buhay na matiwasay ay tanda ng pagkakaroon ng mapayapang pamumuhay. Ang mapayapang buhay ay malayo sa pagkakaroon ng lamat sa ibang tao kaya puso nito’y kay gaan na kay daling dalhin sa anumang mithiin sa buhay sapagkat dito’y walang bumabagabag na siyang dahilan ng hindi pag-usad. Kaya sinasabi ng isang salawikain na “Ang buhay na may kaguluhan ay hindi makakaahon sa kahirapan”.

Ang pamumuhay na maraming kaalitan at kaaway ay hindi nagkakaroon ng katahimikan sa buhay. Sa bawat araw na dumarating sa kanyang buhay ito ay puno ng lumbay sapagkat daladala nito sa kanyang pagkatao ang ligalig na siyang sanhi ng hindi

pagkakaroon ng kapayapaan. Dahil din sa maraming bumabagabag sa isip at damdamin kaya manaw na mararanasan ng isang tao ang kaunlaran sa buhay. Ang taong may buhay na puno ng kaguluhan ay mananatiling mangunypit sa buhay na may kakarampot na kaghinhawaan. Sinasabi ngang nakakalipad ang mga anghel dahil sa busilak at dakila nitong puso at walang bigat na pinapasan dahil purong kabutihan ang nasa puso nito.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang sa muli'y mapapaalalahanan tayo na kay ganda ng buhay na malayo sa gulo at abot kamay pa ang tagumpay para sa taong mas pipiliin ang katahimikan at katiwasayan sa buhay.

Huwag maging bulanggugo. Hindi masama ang gumasta kung may igagasta naman pero hindi rin mabuti ang magwaldas sapagkat maaaring ang bukas mo ay paghihikahos ng lubos. Kung gagasta man ay dapat tama-tama lang sapagkat hindi sa lahat ng panahon ay puno ng biyaya, kaya kung sakaling darating man ang ganong pagkakataon ay may naitabi ka pa na maaari mong gamiting pantaguyod. Kaya sinasabing “Ang walang habas sa paggastos, kauwian ay paghihikahos”.

May mga pagkakataong may mga taong bulanggugo sa pera. Marami tayong makikitang estudyane sa ngayon na kung gumasta ay sobra. Humihingi ng sobra-sobrang pera para sa mga proyekto sa paaralan kuno pero kalahati lang dito ay totoo dahil ang buong katotohanan ay gagamitin sa mga kaibigan at barkada, pambili ng mga luho o kung ano-ano pa na hindi naman isang pangangailangan at paglalakwatsa. Hindi nila naisip kung gaano kahalaga ang perang pinaghirapan ng mga magulang para lamang matustusan ang pag-aaral ng anak. Pagdating ng alawans mula sa mga magulang ay nauubos kaagad sa mga bagay na hindi naman importante at tanging mga luho lamang dahil sa kagustuhang makisabay sa kung ano ang uso sa kasalukuyan. Malayo pa ang petsa ng pagpapadala

at si Estudyante ay naghihirap na dahil ubos na ang pera. Nakakaranas na ng gutom dahil sa hindi tamang pamamaraan ng paggasta ng pera kaya si Estudyante kung hindi man agarang manghingi sa ama at ina ay maaaring humantong sa paggawa ng kabulastugan para matustusan ang sikmurang kumakalam.

Ang kahalagahan nito ay upang mapanuto ang mga tao na dapat gamitin ang pera sa tamang paraan at kung ano dapat ang kailangan at hindi uunahin ang mga gusto at luho lamang, nang sa gayon ay hindi makakaranas ng matinding kahirapan na maaari naman sanang maiwasan.

Maging masipag upang di kakalam ang sikmura. Likas na sa tao ang gumawa at kumilos upang mabuhay sa mundo, ngayon kung hindi kikilos o gagawa ang isang tao ay hindi nito mabibigyan ang hinihingi ng sikmura kung saan ay pangunahing kailangan upang patuloy na mabuhay. Kung sapat ang laman ng tiyan sapat naman ang laman ng isipan. Kaya dapat lahat ng tao ay magsipag upang hindi gutumin, nasa paligid lang ang mga biyaya kailangan lang ito ay hanapin at kukunin. Sabi nga sa salawikain “Kung ang tiyan ay kakalam-kalam, ang utak ay lulutang-lutang”.

Minsan sa buhay ng tao ginagawang dahilan ang hindi nakapag-aral o kaya ay mahina ang utak kaya hindi makahanap ng trabaho. May mga tao ding nakapagtapos ng pag-aaral subalit sadyang tamad lang talaga at ayaw maghanap ng trabaho. Kagaya ng kalimitan nating makikita, may mga taong walang pagsisikap lagi lamang nakaupo hawaw-hawak ang baraha at dito inaasa ang pantaguyod sa pamilya kung saan ay wala namang kasiguruhan. Tanging mga taong tamad lamang ang umasa sa isang makulimlim na umaga. Kapag natalo sa laro at ubos na ang perang ipinangpusta, saan na ngayon kukuha ng pangkain para sa sarili at para sa pamilya? Wala namang magpapautang dahil wala namang

kasiguruhang makabayad. Kaya hindi malayong makagawa ng masama ang isang taong tamad kapag humihingi na ng sikmura.

Ang kahalagahan nito ay upang maipakita kung ano ang kahahantungan ng isang taong tamad at ito ay magsisilbing gabay upang ang tao ay magsikap para hindi magutom at makakapunta sa kapahamakan.

Pagiging masipag. Ang pagkamasipag ay lunas sa kahirapan. Walang sino man ang magdadahop kung ito ay may puso sa paggawa at tanging ang mga masisipag lang ang umunlad dahil ang mga tamad ay hindi sinusunggaban ang pagkakataon. Kaya ang salawikaing ito ay nagpapaalala na “Ang kahirapan ay nalulunasan ng kasipagan”.

Maraming mga tao ngayon na maunlad sa buhay na datirati’y kasing hirap ng daga. Ginawang inspirasyon ang kahirapan upang magsikap nang makamtan ang kaginhawaan. Gaya na lang ng kilalang-kilala nating si Manuel L. Villar na nakilala dahil sa sipag at tiyaga. Nagmula siya sa isang mahirap na pamilya subalit dahil sa pagsisikap at sipag siya ay yumaman at nagkaroon ng mataas na posisyon sa lipunan. Sa pamamagitan ng sipag at tiyaga di mo lubos maisip kung gaanong biyaya ang sayo ay naghihintay.

Ang kahalagahan nito ay upang mapag-isip-isip ang tao kung gaano kahalaga ang sipag at tiyaga hindi lamang sa salita kundi para iaplay sa buhay at sa ikatatagumpay ng buhay.

Maging mabait. Ang kayamanan ay hindi lang nasusukat sa materyal na bagay, ang tunay na kayamanan ay ang yamang kailanma’y hindi mananakaw sa iyo kagaya ng kabaitan. Ito ay isang biyaya at yaman na hindi matatagpuan sa karamihang tao. Walang mang maraming pera maipagmamalaki, pero ang kabutihan

ng puso ay kailanma’y tunay na higit na maipagmamalaki. Kaya ating tandaan gaya ng salawikaing ito “Kung mahirap ka at walang yaman kabaitan mo’y tangi na ring puhunan”.

Napakagandang tingnan ng isang tao na kahit walang yaman at kahit walang posisyon sa lipunan ay kilala pa rin dahil sa natatangi nitong katangian ang pagiging mabait o ang pagkakaroon ng likas na kabutihan ng kalooban. Ipinapakita ng taong gaya nito na hindi lang sa materyal na bagay nakukuha ang kasiyahan ng isang tao kundi sa tunay na kayamanan na siyang kabaitan. Ang kabaitan ay tunay na ikinararangal sapagkat ito ay isang kayamanang hindi materyal na walang makakaagaw sinuman. Ito ay tunay na maipagmamalaki kumpara sa ano pa mang bagay o katayuan sa buhay.

Ang kahalagahan nito ay upang mapagtanto ng tao na hindi nasusukat ang kayamanan sa materyal ng mga bagay at posisyon sa lipunan kundi sa kayamanang panghabangbuhay kagaya ng kabaitan.

Ang pagiging mabuti ay kaloob ng Diyos. Ang Diyos ay balon ng kabutihan, wala kang masisilayang anumang bahid ng kasamaan sa kanya. Siya ang pinagmulan ng lahat ng kabutihan. Ang pagiging mabuti ng isang tao ay hindi likas na ito’y sa tao, ito ay mula sa Diyos kaya lahat ng paggawa ng mga bagay na banal at may kadakilaan ay patunay na tayong mga nilikha niya ay kumilala sa Kanya. Ang salawikaing “Ang gawaing banal ay patunay na tayo ay nagmula sa Maykapal” ay kapupulutan ng ganitong aral.

Gaya ng isang tao na kinilala niya ang Diyos na siyang nagmamay-ari ng kanyang buhay ay takot gumawa ng masama. Ating alalahanin na may dalawang puwersa ang sa mundo ay nag-aagawan, ang puwersang masama at mabuti. Walang kahit anumang pag-aari ang isang tao na matatawag na kanya. Kaya

siguradong lahat ng mabubuting gawain ng isang tao ay patunay lamang na ito ay kalooban mula sa Diyos at ang lahat ng hindi mabubuti ay sa kabilang puwersa naman. Ngayon kung ang isang tao ay takot at ayaw magsinungaling, ayaw manakit ng kapwa, ayaw magnakaw, hindi pumapatay, may pagmamalasakit sa kapwa, tumutulong at may galang sa ibang tao at lahat ng mabubuting katangiang alam natin, ito ay patunay lamang na kinilala niya ang Diyos na siyang lumikha at nagmamay-ari sa kanya. Kaya ang mismong katangian ng Panginoon ang nakikita sa kanya.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang maisip natin at matingnan ang ating mga sarili kung kaninong kalooban ang nananaig sa ating buhay at kung may pagkamakasariili man sa puso natin at inggit matatalos na natin kung kaninong kagustuhan at kalooban ang sinunod natin. Ang kahalagahan nito ay upang mabatid natin kung nasa tamang daan ba ang ating tinatahak sa pamamagitan ng pagsuri natin sa ating mga sarili.

Dinidinig ang panalangin ng isang mabuting tao. Kahit ang panalangin ng isang makasalanan ay dinidinig ng Diyos ano pa kaya ang panalangin ng isang mabuting tao. Ang isang mabuting panalangin ay isang mabangong insenso sa kaharian ng Panginoon. Ito ay ang panalanging hindi makasarili at walang bahid na pagkukunwari sa harap ng Diyos. Ang salawikaing “Ang mabuting panalangin ay tiyak sa Diyos makakarating” ay kapupulutan ng ganitong aral na dinidinig ng Panginoon ang panalangin ng isang mabuting tao.

Sinasabing ang taong malapit sa Diyos ay mas dinidinig ang panalagin nito. Sapagkat ang panalangin ng isang mabuting tao ay may kasabay na paniniwala at walang halong pagdududa at pagkukunwari. Higit sa lahat nababatid ng Diyos ang tunay na kalooban ng isang tao kahit pa man wala itong ginagawa pero batid ng Diyos kung ano ang tunay na nasa puso at isip nito. Ang

panalangin ng isang mabuting tao ay walang halong pagkukunwari, at buo ang tiwala sa Panginoon. Ang panalangin din ng isang mabuting tao ay hindi lamang para sa sarili kundi maging sa ibang tao. Ipinapanalangin nito ang mga kapatid na nasalanta ng iba't ibang kalamidad, maging ang mga taong nanunungkulan sa pamahalaan na nawa'y gabayan ito ng Diyos at ang panalangin ng isang mabuting tao hindi lamang nananatili sa panalangin, nakikita din ito sa gawa.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang mapanuto tayo na napakaganda kung tayo ay magiging mabuting tao. Hindi lang sa pansariling interes kundi ang kaluwalhatiing madarama sa tuwing nakakatulong tayo sa ibang tao kahit sa panalangin man lang. Ito ay napakagandang tanawin mula sa itaas ang pagmamalasakit para sa kapwa.

Ang taong may dunong ay hindi naiisahan. Ang taong marunong ay mas nakakaangat kaysa sa taong hindi maalam. Ang taong marunong ay mabilis mag-isip at napagtimbang-timbang kaagad ang mga bagay kaya mahirap itong paglaruan at linlangin. Kaya sinasabi sa salawikain na ito “Ang taong may karunungan ay hindi basta malalamangan” na nagtuturo ng aral na nakakalamang sa karamihan ang taong maalam.

Ang isang taong marunong ay maraming nalalaman, hindi basta-basta naniniwala at naluluko at may malinaw na paningin sa lahat ng bagay. Ang taong marunong ay maraming mga nakaimbak na ideya na magagamit sa anumang pagkakataon. Kagaya ng pagpipirma ng mga kasunduan, ang taong marunong ay binubusisi muna ang bawat detalye kung legal ba at nasa tamang proseso ang lahat bago pumirma. Kasi ang taong marunong ay sinusigurado ang lahat bago humantong sa isang pasya. Kalimitang ang pagiging marunong ay nakukuha ng karamihan sa pag-aaral, dahil sa

panahon ngayon edukasyon at pagiging mautak ang ginagamit lalo na ngayon na maraming manluluko ang nagsilipana.

Ang kahalagahan nito ay upang mabigyang payo ang mga tao na sa lahat ng bagay dapat utak ang ginagamit at maging marunong upang tayo ay hindi madaling maluluko at maiiwasan ang pagkakaroon ng maling kapasyahan.

Maging masipag at matiyaga. Ang taong masipag ay lalong uunlad kung ito ay sasabayan ng tiyaga. Sa paggawa ng isang bagay kailangang ito ay may tiyaga upang tapusin at mas pagibayuhin pa. Kaya ang sipag paminsan-minsan ay kinukulang kung ito ay hindi sasabayan ng tiyaga o determinasyon. Ito ang aral na itinuturo sa atin ng salawikaing “Ang sipag na tinumbasan ng tiyaga ay hahantong sa ibayong biyaya”.

Sa mga estudyante na gumagawa ng isang pananaliksik, dito makikita kung papaano ipinapamalas ang sipag at tiyaga para matapos ang isang pag-aaral. Sipag sa pangangalap ng datos at paghahanap ng mga mapagsasanggunian. Pero hindi doon yan nagtatapos. Ang masinsinan at paulit-ulit na pagwawasto ng isang guro ay hindi biro. Panahon, lakas at pera na naman ang kailangan para sa muling pagwawasto ng gawain. Dito na masusukat ang tinatawag nating tiyaga. Ang pagpupursige para matapos ang simulan kahit ano pa mang suliraning kakaharapin ay hindi nawawalan ng pag-asa. Sipag para magsimula at tiyaga para may magandang katapusan.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang maturuan ang tao na sa pagiging masipag na sinasabayan ng pagsisikap ay may magandang bukas ang naghihintay basta ‘wag lang mawalan agad ng pag-asa.

Gamitin ang talino sa pagiging matapang. Ang pagiging matapang ay hindi nakikilala sa kung sino ang pinalamalakas sumigaw o naunang sumugod kundi ang pagiging matapang ay nakikita sa isang katauhan na may pagkamahinahon at inuuna ang pag-iisip sa mga gagawing hakbang, sapagkat ang tunay na matatapang ay hindi pumapatol sa walang kabuluhang mga bagay. Ito ang aral na itinuturo sa atin ng salawikaing “Ang totoong matapang, nag-iisip bago lumaban”.

Kagaya ng sitwasyong may isang taong nagngingitngit sa galit at nagsisigaw sa labas ng iyong bahay. Imbis na patulan mo ang init ng ulo ng taong nagsisigaw at naghihimutok sa galit, ang mainam mong gawin ay hintaying kumalma ang sitwasyon. Tumahimik muna at mag-isip bago kausapin at harapin ang isang taong galit. Sapagkat ang pagpatol dito ay nagpapakita lamang ng walang kadelikadesa at mas lalala lang ang sitwasyon. Ang pansamantalang pananahimik sa kabila ng masasakit na mga salitang ibinato sa iyo ay hindi nagpapakita ng kaduwagan kundi isang tunay na katapangan. Tapang na pigilin ang sarili upang hindi makipagsabayan ng init ng ulo at maging mahinahaon para makapag-isip ng mabuting gawin para sa ikakaayos ng lahat. Ang pagtitimping ito ay pagpapakita ng isang mabuting katapangan.

Ang kahalagahan nito ay upang tayo ay maturuan na ang pagsugod at pakikipagpalitan ng masasakit na salita upang maipagtanggol ang sarili ay hindi nagpapakita ng tapang. Sapagkat ang tunay na matapang ay kayang pigilan ang sarili at kaharapin ang lahat ng sirkumstansya sa tamang oras at panahon.

Ang karunungan ay dapat gamitin sa wastong paraan. Ang mundo sa ngayon ay puno ng mga problema saang daku ka man tumungin. Kaagapay nito ay ang mga taong matatalino mag-isip sa kung papaano sila magiging bahagi ng paglutas ng mga suliranin at

hindi ang maging kabilang sa suliranin. Ito ang aral na ipinapamalas ng salawikaing ito “Ang matalinong tao ay pag-asa ng mundo”.

Ang taong matalino ay nag-iisip ng mga bagay na ikalulutas sa mga suliranin sa mundo. Kagaya ng kurapsyon kung saan para itong sakit ng lipunan na hindi mawala-wala. Ang tunay na taong matalino, imbis na makisali at maging mayaman din mas gugustuhin nitong hindi magnakaw. Kahit ang pagdala ng mga papel sa bahay na binigay ng gobyerno sa opisina ay hindi gagawin ng isang taong matalino sapagkat alam nito na kahit gaano pa man kaliit ng halaga kung ito ay hindi naman para sa kanya ay hindi magagawa nitong dalhin sa bahay para sa pansariling pangangailangan lamang.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang bawat indibidwal na dapat gamitin ang talino sa tamang paraan para maging bahagi tayo sa kalutasan ng mga suliranin at pagbabago sa mundo. Ang gaya nitong talino ay sadya naman talagang pag-asa para sa hinaharap.

Ang katalinuhan ay tunay na kayamanan. Ang katalinuhan ay masasabing isang tunay na yaman sapagkat ito ay hindi makukuha ninuman at mananatiling ito ay parte na ng iyong pagkatao. Ito ay isang kayamanan na hindi kalimitang nasa lahat ng tao. Ito ang aral na itinuturo sa atin ng salawikaing “Ang katalinuhay isang kayamanan at walang makakaagaw na sinuman”.

Ang katalinuhan ay isang kayamananang dapat pakaingatan sapagkat maituturing ito na isang kapangyarihan. Kagaya ng isang taong nagmula sa wala, walang ibang maipagmalaki kundi tanging dunong lamang. Sinikap na makapag-aral at tanging puhunan ay utak lamang upang makatapos ng pag-aaral at makaahon sa kahirapan. Kung saa’y dahil sa katalinuhan nagawa ng isang taong mabago ang takbo ng kanyang buhay. Ito ay isang yaman na

walang makakaagaw sinuman sapagkat ito ay hindi isang materyal na bagay at panghabang buhay na mananatiling sa iyo at iyo lamang.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang maturuan ang tao na ang katalinuhan ay isang yaman na dapat pakaingatan at walang makakaagaw sinuman.

Ang pagiging tapat ay makukuha ang tiwala ng lahat. Ang tao ay sadyang hindi madaling magtiwala. Ang mga tao ay maingat at mabusisi sa larangan ng pagbibigay ng tiwala, kaya ang tanging mabibigyan lang ng tiwala ay yaong taong matapat at kapag ang tao ay matapat tiyak makukuha niya ang tiwala ng karamihan. Ito ang aral na ipinapahiwatig sa atin ng salawikaing “Ang pagtitiwala ng lahat ay nakalaan sa isang taong matapat”.

Kagaya ng isang taong sinasabihan ng mga sekreto ng mga kaibigan ay hindi nito sinasabi sa iba ang lihim na pinag-usapan. Ang taong matapat ay nananatiling maasahan sa iniwang pangako sa isang kaibigan kahit pa wala ang presensiya ng kaibigan at kahit hindi na nito malalaman ang maaaring sabihin sa kanya. Ang taong kagaya nito na maaasahan sa pagtago ng mga lihim na usapin ay makukuha ang tiwala ng nakararami sapagkat ang taong ito ay maaasahang may isang salita sa iniwang pangako na hindi ipagsabi kung ano man ang napag-usapan. Isa lamang ito sa napakaraming sitwasyon na masusukat ang katapatan ng isang tao.

Ang kahalagahan nito ay upang mapanuto tayo na sa pagiging matapat makukuha natin ang tiwala ng nakararami at tayo ay magiging mabuting halimbawa para sa iba.

Dignidad ay pakaingatan. Ang tao ay nakikilala at nagiging tanyag depende sa dignidad na naipapamalas nito. Sa madaling salita ang dignidad ng isang tao ay ang nagpapatunay at

nagpapatibay sa tunay na pagkatao at personalidad ng isang tao. Kung pakaiingatan ang dignidad ng isang tao tiyak ito ay kanyang ikakarangal saanman magpunta, pero kung ito ay hindi nagawang maingat na ang dignidad nito ay bababa batay sa konseptong pantao. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Kung ang buhay mo ay hinahalagahan, karangalan mo ri’y dapat ding ingatan”.

Kagaya ng isang dalagang may pagpapahalaga sa sarili. Dahil sa hinahalagahan niya ang kanyang pagkatao ay hindi siya gumagawa at pumapasok sa isang sitwasyon kung saan ito ay maaaring ikababa ng kanyang pagkatao. Hindi siya nakikipagrelasyon sa taong may sabit at hindi gumagawa ng mga imoral na mga bagay gaya ng pakikipagsiping sa isang tao na hindi pa nito asawa. Ang dalagang kagaya nito na hinahalagahan at nag-iingat sa kanyang karangalan ay tunay na kapita-pitagan. Kung ating mapapansin sa ngayon marami na sa mga kabataan ang walang pagpapahalaga sa kanilang dignidad at kung ano-ano na lang ang pinaggagawa kahit ikinasisira na ng puri ay sige pa rin.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang maturuan ang mga tao sa tama at wastong kaugalian na dapat ikilos sapagkat nababatay sa kilos at gawi ang katangian ng isang tao.

Kapag dignidad ay iningatan tunay na ito’y kapita-pitagan. Ang dignidad na buong pusong iniingatan sa pamamagitan ng hindi paggawa ng anumang masama o imoral na mga bagay tiyak na ito ay maipagmamalaki at ito ay ikararangal ng isang tao. Ito ang aral na itinuturo sa atin ng salawikaing “Ang buhay na may karangalan maipagmamalaki kahit saan”.

Kagaya ng buhay ni Jose na naitala sa Bibliya, sa simula siya ay kinaiingitan at itnakwil ng kanyang mga kapatid. Siya ay binili ng mga manlalakbay na mangangalakal at ipinagbiling muli

sa kaharian ng Ehipto. Doon siya naging isang alipin at banat sa gawain, subalit dahil sa katangi-tangi niyang kataingan, wala siyang daing, hindi sinungaling, hindi lumalaban sa mga may mataas na katungkulan kahit pa sinasaktan siya nito, masipag, matulungin at madasalin, at siya ay naibigan ng Paraon at hinirang na may isang mataas na katungkulan. Dumating ang panahong nagustuhan si Jose ng asawa ng Paraon, pero dahil sa mabait at may takot si Jose sa Diyos hindi niya pinatulan ang magandang babae at naging kapalit nga nito ay pinagbintangan siyang hinalay niya ang asawa ng Paraon. Pero kahit na ganito ang nangyari ay hindi pinatay ng Paraon si Jose dahil hindi siya naniniwalang magagawa ito ni Jose, kaya kinulong lamang ito. Patuloy pa rin siya sa pagiging madasalin at patuloy na gumagawa ng mabubuting mga bagay sa kapwa hanggang sa nabigyan ng pagkakataon na hulaan at bigyang interpretasyon sa isang panaginip ng hari. Kaya dahil dito lubos na pinuri siya ng hari at kalaunan siya ay naging hari ng Ehipto at ang mga kapatid na nagtakwil sa kanya ay yumuyuko na sa kanya. Siya ay naging isang mabuti at mahusay na hari ng Ehipto.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang mapanuto ang ating mga kilos at gawain, na ang paggawa ng purong kabutihan ay siyang magbibigay sa iyo ng karangalan pagdating ng araw. Hindi lang sa mga mata ng tao kundi lalo na sa mga mata ng Panginoon.

Talahanayan 2: Mga Salawikaing Pangmabuting Asal

SALAWIKAING BUTUANON	SALIN SA WIKANG FILIPINO	ARAL NA MAKUKUHA
1. Unhon ba yang kumpay kon patay na ang kabayo.	Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo.	Maging maagap o dumating sa tamang panahon at oras.
2. Bisan hinay basta kanunay.	Kahit mahina basta patuloy ang gawain.	Maging masipag at matiyaga.
3. Ang kada lasang yaon gid has.	Bawat kagubatan ay may ahas.	Mag-ingat sa mga traydor.
4. Dili gid madiyaw	Hindi maganda na	Pagiging matapat.

kanimo ang naimo nga pinaagig limbong, apan madiyaw kanimo kon dili gid manlimbong.	mapapasaiyo ang mga bagay na natamo mo mula sa pandaraya, pero ang hindi pagpandadaya ay makabubuti sa iyo.	
5. Ang madiyaw nga tao moamping sa katungod hong mga podre.	Ang mabuting tao ay iniingatan ang pag-aari ng mahihirap.	Pagiging makatao.
6. Ang tinuod nga gawasnon dili mapabug-at bisan kain.	Ang tunay na malaya, hindi pabigat kanino man.	Pagiging responsabli.
7. Kung gusto kaw madato, maningkamot ug magkugi kaw.	Kung gusto mong sumagana, mabuhay ka sa sipag at tiyaga.	Pagiging masipag at nmatiyaga.
8. Ang kasagrado ning kalibutan, abot langit di mawa.	Ang kabutihan sa lupa hanggang sa langit ay hindi mawawala.	Ang mababait ay tunay na pinagpapala.
9. Ang away likayan, iyan ang tinuod na kaisog.	Gulo ay iwasan, yan ang tunay na katapangan.	Umiwas sa gulo.
10. Ang kabuotan yawi hong madyaw na pakig-uban.	Ang kabaitan, madaling makakuha ng kaibigan.	Maging mabait.
11. Gusto mo makila, imong ingkudan ayaw pag-alsaha.	Kung gusto mong ikaw ay kilalanin, sarili mong bangko ay wag bubuhatin.	Maging mapagkumbaba.

Batay sa pangalawang talahanayan, ang mga salawikain dito ay nabibilang sa pangmabuting asal at nagbibigay ng mga aral at kahalagahan gaya ng mga sumusunod:

Maging maagap o dumating sa tamang panahon at oras. Napakahalagang maging maagap at dumating sa tamang oras at panahon sapagkat kung hindi, maraming pagkakataon ang maaaring mawala at masasayang. Bawat oras ay mahalaga at bawat oras posibleng maraming mangyari at kung ikaw man ay mahuli ng

kahit ilang minuto maaaring buhay mo ay magbago o panghabangbuhay ng hindi magbabago. Ito ang aral na makukuha natin sa salawikaing “Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo”.

Karaniwang ang salawikaing ito ay madalas na ginagamit upang mapagsabihan ang mga mag-aaral. Sa panahon ng pagpapasa ng mga gawain kalimitang nagpapasa ang mga mag-aaral na huli na sa oras. Kaya ang mangyayari ay bunga ng pangmadalian ang proyektong nagawa o kaya ay hindi na tatanggapin ng guro ang ipinasang proyekto o kung tatanggapin man ay babawasan na ang magiging marka nito. Ang pagiging maagap ng isang tao ay kailangan sapagkat ito ay may malaking maitutulong sa buhay ng tao. Ang pagiging maagap, listo at alerto ay isang katangiang dapat taglayin upang magkaroon ng kaunlaran sa buhay.

Ang kahalagahan nito para sa atin ay upang paalalahanan tayo na sa pagiging maagap o ang pagdating sa tamang oras at panahon ay mabibigyan ng malaking pagkakataon ang isang tao upang mas maraming bagay ang magagawa na mapapakinabangan at maaari pang sa pagiging maagap ay maraming biyaya ang matatanggap. Kahit magaling man pero huli ay wala pa ring mangyayari.

Maging masipag at matiyaga. Ang tao ay parating sinasabihang maging masipag dahil sa katotohanang ang mga tao ay nasanay na masyado sa pag-asa sa iba hanggang sa maging tamad na. Sa pagiging masipag hindi hinihingi dito ang pangmadalian kundi kahit hindi ganoon kabilis basta may ginagawa ito ay matatapos din at maaaring makasapat na. Ito ang aral na makukuha natin sa salawikaing “Kahit mahina basta patuloy ang gawain”.

Isa sa halos alam ng karamihan ay ang kuwentong tungkol sa kuneho at pagong. Sa kwento ay nagpaligsahan ang kuneho at

pagong kung sino ang unang makakarating sa pinagkasunduang lugar. Ang kuneho na mabilis tumakbo ay nakuha munang matulog sapagkat napakabagal tumakbo ng pagong. Ang nasa isip ng kuneho ay kahit makauna pa ang pagong ay mahahabol pa rin niya ito sa pagtakbo. Si pagong na masyadong mahina kung lumakad ay matiyaga pa ring lumalakad, hindi siya nag-aksaya ng oras sa paglalakad. Sa ganitong katayuan ay masyadong napaidlip ang kuneho at naunahan na siya ng pagong na kahit mahina ay matiyaga pa ring lumalakad. Pagkagising ng kuneho ay masyado ng huli para mahabol pa niya ang pagong. Masyado ng malapit sa lugar na hangganan ng kanilang paligsahan ang pagong. Kaya si pagong ang nanalo sa paligsahan kahit pa mabagal ito kumpara sa kay kuneho.

Ang kahalagahan nito ay upang mabigyang paalala ang bawat isa na dapat patuloy lang sa gawain kahit hindi gaanong mabilis basta ang kailangan ay may determinasyong matapos.

Mag-ingat sa mga traydor. Ang pag-iingat ay kailangan sa lahat ng bagay lalong-lalo na sa pakikisalamuha natin sa araw-araw sapagkat marami sa mundo ang nagsilipanang may masasamang budhi na maaari kang ipagkalulong anumang oras. Ito ang aral na makukuha natin sa salawikaing “Ang bawat kagubatan ay may ahas”.

Sa panahon ngayon marami na ang walang puso sa sosyodad. Napakarami nating nababalitaang sabi-sabi ng kwento ng pagtatraydor. Ang daming taong mapagbalatkayo sa hangaring makamit ang pansariling nais kahit may masaktan ay di bale na. Nasa mundo tayo na puno ng kompetisyon, sa pamilya, sa paaralan, sa trabaho, sa kaibigan at ano pa man. May mga taong lagpas hanggang langit ang mga pangarap at mithiin kaya di bale ng makasakit basta makuha lang ang gusto. Kahit nga si Judas nakuhang ipagkalulong ang kanyang Panginoon kapalit ang salapi.

Sa ngayon ang dami ding Judas sa paligid dala-dala ang napakaamong mukha.

Ang kahalagahan nito ay upang paalalahanan tayo na dapat maging maingat sa lahat ng pagkakataon. Sa hirap ng panahon ngayon marami na ang gumagawa ng mga panluluko kaya ang salawikaing ito ay nagpaalala na wag magtiwala agad lalo na sa mga taong hindi pa natin lubusang kilala.

Pagiging matapat. Ang mga bagay na nakuha mula sa pandaraya ay hindi lubusang makakapagpaligaya sa isang tao sapagkat ito ay mabigat na pasanin ng konsensiya. Subalit ang mga bagay na makuha mula sa pagiging matapat ay sadyang nakakasaya sa puso at makabubuti sa tao na masanay ang sarili sa paggawa ng wasto. Ito ang aral na makukuha mula sa salawikaing “Hindi makakabuti sa iyo ang mga bagay na natamo mo mula sa pandaraya, pero ang hindi pandadaya ay makabubuti sa iyo”.

Sa isang pagkakataon may naiwan na isang bag na puno ng pera sa isang kainan. Ang weyter na nakakita nito ay kaniya itong niligpit at nang bumalik at naghanap ang may-aring nakaiwan ay binalik ito ng weyter na walang kahit ilang sentimong kulang. Kaya mula sa pagiging matapat ng weyter ay pinagkalooban ito ng malaking halaga ng may-ari ng pera bilang pasasalamat sa katapatan nito at dahil dito naging katiwala na ito ng kainang pinapasukan niya.

Ang kahalagahan nito ay upang mapagsabihan ang tao na sa pagiging matapat o ang pagtamo ng mga bagay na hindi mula sa pandaraya ay makakabuti pero ang mga bagay na nakuha mula sa pagpandaya ay walang kabutihang maidudulot sapagkat may mga tao kang nasasaktan at patuloy mo itong dadalhin sa iyong konsensiya.

Pagiging makatao. Ang taong may galang sa kapwa ay hindi lang nag-iingat sa sariling mga pag-aari kundi maging sa pag-aari ng iba, pag-aari man ng mayaman o ng isang mahirap. Sa pamamagitan ng paggalang sa pag-aari lalo na ng sa mga mahihirap ay dito mas nasusukat kung ang isang tao ba ay isang magalang at hindi mapanghamak sa kapwa. Ito ang aral na makikita natin sa salawikaing “Ang mabuting tao ay iniingatan ang pag-aari ng mahihirap”.

Kagaya ng isang pangyayari na may isang mayaman na tao na may malawak na lupain. May maliit na parte ng lupain na tanging hindi nito pag-aari na katabi ng kanyang malawak na lupain at ito ay pag-aari ng isang mahirap na tao lamang. Kung gugustuhin ng mayamang tao na makuha niya ang lupang ito na katabi ng kanyang lupain ay magagawa niya. Pero dahil sa likas na may kabutihan ang kanyang puso ang mayamang taong ito ay hindi niya ito kinuha sapagkat nakakaunawa siyang ito lamang ang tanging pinagkukunan ng ikabubuhay ng pamilyang nagmamay-ari nito.

Ang kahalagahan nito ay upang masabihan ang mga tao na dapat igalang natin ang pag-aari ng iba lalo na sa mga nagdarahop dahil maaaring ito lamang ang kanilang yaman na maituturing kung saan kakarampot lamang kung ikukumpara sa mga mayroon. Pero ang sukatan dito ay hindi kayamanan kundi ang kabutihang loob at ang paggalang sa pag-aari ng iba na siyang sukatan sa pagiging isang mabuting indibidwal.

Pagkakaroon ng tunay na kalayaan. Ang isang tunay kalayaan ay hindi lamang tumutukoy sa kalayaan na makukuha mula sa isang mapaniil na tao kundi ang kalayaan mula sa mabigat na pasanin sa puso at damdamin. Kung saan ikaw ay hindi ka naging pabigat sa iba. Ang pagiging malaya ay ang pagtayo mismo sa sariling mga paa. Ito ang aral na makukuha natin sa salwikaing “Ang tunay na malaya, hindi pabigat kanino man”.

Tulad ng isang binata na nasa tamang gulang na para bumukod sa kaniyang pamilya. Kung sa ibang bansa, kapag dumating kana sa gulang na dalawamput isa sa mga lalaki at labingwalo sa baabeay maaari na itong bumukod at maging malaya mula sa poder ng mga magulang. Sa puntong ito ay magkaakroon ng kalayaan sa pagbuo ng sariling desisyon sa buhay at higit sa lahat kasabay ng kalayaang ito ay ang kakayahang tumayo sa sariling mga paa at hindi na aasa sa mga magulang. Masasabi din nating ito na ang panahon para hindi kana magiging pasanin ng iyong pamilya, ikaw ay tunay na Malaya na dahil sariling desisyon mo na lang ang iyong aasahan.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay linaw na ang pagiging tunay na malaya ay hindi pagiging pabigat kanino man. Tinutukoy nito ang panahon ng kalayaan kung saan kaya mo ng tumayo sa sariling mga paa at malayo sa pagpapasan sa iba.

Pagiging masipag at matiyaga. Ang kasaganaan ay mas lalong sasagana kung ang sipag ay sasabayan ng tiyaga. Ang pagsisikap sa paggawa sa isang bagay na may kaagapay na determinasyon, tiyak ang tao ay mas lalong uunlad kung hindi ito madaling mawalan ng pag-asa. Ang aral na ito ay makukuha sa salawikaing “Kung gusto mong sumagana, mabuhay ka sa sipag at tiyaga”.

Napakainam na halimbawa ng pagiging masipag at matiyaga ay ang mga langgam kung saan masipag itong maghanap ng pagkain, takbo dito, amoy doon para makahanap ng pagkain. Wala man kaagad mahanap na pagkain ay patuloy pa rin ito sa paghahanap at hindi nawawalan ng pag-asa hanggang sa makahanap ito ng pagkain na maaari nilang imbakin. Ang walang tigil sa paghahakot ng mga langgam na pagkain ay pagpapakita ng kasipagan at ang walang tigil sa paghahanap ng pagkain hangga’t may oras lamang ay ang katangiang pagiging masikap ng mga

langgam. Kaya pagdating ng panahon ng tag-ulan ang mga langgam ay nananatiling masagana sa pagkain at hindi nauubusan.’

Ang kahalagahan nito ay upang tayo ay mapangaralan na sa pagiging masipag at matiyaga makakatikim ng tayo ng kasaganaan at isaisip na mainam sabayan ang sipag ng tiyaga kasi paminsan-minsan ang sipag ay kinukulang kung hindi sasabayan ng tiyaga.

Ang mababait ay tunay na pinagpapala. Ang Diyos na puno ng kabutihan ay pinagpala ang mga taong mabubuti dito sa mundong ibabaw at ang pagpapalang ito ay maaaring humantong sa langit sapagkat tiyak na ang mga mabubuti ay sa langit mapupunta. Ito ang aral sa salawikaing “Ang kabanalan sa lupa hanggang sa langit ay hindi mawawala”.

Mula sa Bibliya at Koran ang mga tao ay tinuturuan ng mabubuting mga pag-uugali. Kung mahal ng tao ang Diyos, ang tao ay gagawa ng purong kabutihan at mga bagay na gusto ng Panginoon ay siyang gagawin ng tao. Kagaya ni Enoch isang katauhan sa Bibliya kung saan siya ay diretsong napunta sa langit dahil sa purong kabutihan at kadakilaan ang mga bagay na ginagawa niya dito sa lupa. Ang tunay na kabanalan na ipinapakita ng tao ay hanggang sa langit ay di na magbabago sapagkat ang mga bagay na ito ay nakatanim na sa kanyang puso at pagkatao.

Ang kahalagahan nito ay upang mapagsabihan ang tao na ang paggawa ng mga mabuti at mga banal na mga bagay ay kalooban ng Diyos at kung sino man ang gumagawa nito at tiyak makakapunta sa langit sapagkat ang langit ay lugar ng mga banal.

Umiwas sa gulo. Minsan ang pag-iwas o paglayo sa gulo ay inaakala ng iba na ito ay pagpapakita ng kaduwagan, ang totoo ay hindi nila tarok ang tunay na kahulugan ng katapangan. Ang pag-iwas sa gulo ay isang mukha ng katapangan kung saan mayroon

kang tapang na labanan at pigilin ang iyong sarili na hindi makipag-away. Hindi madaling kontrolin ang sarili kaya ang pagpigil sa sarili ay nangangailangan ng ibayong tapang upang masugpo ang anumang silakbong kasalukuyang nadarama. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang away ay iwasan, yan ang tunay na katapangan”.

May mga pagkakataong dahil sa parehong ang mga tao ay puno ng kani-kal尼yang paniniwala at ideya sa buhay, ang mangyayari ay hindi magkakasundo at magkakaalitan ang mga ito. Nagpapatasan ng boses at hindi nauubusan ng mga ideya hanggang sa mag-iinit na ang usapan at hahantong sa awayan. Ang pakikisabay sa taasan ng boses at puno ng mapanghamong mga salita ay hindi doon nasusukat ang tapang. Ang pag-iwas at paglayo sa gulo ay siyang pagpapakita ng katapangan. Ang pagtahimik at di pagsabay sa init ng talastasan ay siyang pinakamainam na dapat gawin at ito ay hindi pagpapakita ng karuwagan.

Ang kahalagahan nito ay upang mapanuto ang tao sa dapat at tamang gawin sa panahon ng mainit na talastasan. Mas mainam ang tumahimik, umiwas at lumayo sa gulo hindi dahil sa ito ay pagpapakita ng takot at kabubohan kundi tapang upang hindi sumali sa gulo at tapang na supilin ang ngitngit ng damdamin.

Maging mabait. Maging mabait ka at kapalit nito ay magiging mabait din sa iyo ang mga tao sa iyo. Kaya ang taong mabait ay kalimitang maraming kaibigan at marami rin ang dito ay nagpapakita ng kabaitan sapagkat kinagigiliwan ng mga tao ang katangi-tangi na katangiang ito. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang kabaitan, madaling makakuha ng kaibigan”.

Ang pagkakataong magkaroon ng taong madali at masarap na kausap, hindi mapangutya, matulungin at may pagpapahalaga sa kapwa, ay pagkakaroon ng isang mabait na kaibigan. Ang taong

mabait ay puro kabutihan ang mamumutawi sa kanyang labi kaya marami din dito ang nais makipagkaibigan kasi ang taong mabait ay hindi marunong manakit at manghamak ng kapwa. Ang malinaw na halimbawa nito ay ang ating malalapit na kaibigan, naituturing natin silang kaibigan sapagkat sila ay mabuti sa atin at tayo ay kanilang naiintindihan. Sa madaling salita kinakitaan natin sila ng kabaitan at kaaya-ayang katangian kaya inibig nating sila ay ating maging kaibigan.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang tao sa kahalagahan ng pagiging mabait. Sa pagiging mabait ay makakakuha ka ng maraming mga kaibigan at marami ang sa iyo ay magkakagusto.

Maging mapagkumbaba. Bawat tao ay nagiging kilala dahil sa katangian nitong taglay, pangit man o maganda. Subalit kung ang pagiging tanyag ay mula sa pagiging hambog, nagiging iba ang impresyon ng mga tao at konsepto nila sa katanyagan mo sapagkat magiging pulutan ka lang ng panlilibak. Pero kung ang isang tao ay may likas na kabutihan at kasimplihang ipakita ang tunay nitong katauhan, mas magiging tanyag pa siya sa kanyang inakala sapagkat marami ang sa kanya ay gustong makipagkilala. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Kung gusto mong ikaw ay kilalanin, sarili mong bangko ay wag bubuhatin”.

May mga pagkakataong may mga taong nagsasabi ng kanilang mga bagay na nagawa para makilala ng tao. Kailangan nitong ipagpunyagi ang sarili para magkaroon ng tatak at maging kilala. Ang mangyayari ay hindi na maabibigyan ng pagkakataon ang mga tao upang kilalanin ang ganitong uri ng mga tao sapagkat nauna na nitong niladlad ang sarili sa kung ano siya at ano ang mga kakayahan niya. Sino pa ang magkakainteres na kilalanin ang ganitong uri ng tao kung sa simula palang ay pilit na niyang winala ang interes ng mga tao. Kaya kung nais mong kilalanin ng tao

bayaan mong ang mga tao ang mag-isip tungkol sa iyo at mamangha sa iyong kakayahan sa panahong kinakailangan. Huwag mong pangunahan ang mga tao tungkol sa pag-iisip sa kung sino at ano ka para may pagkakataon naman sialng makilala ang iyong pagkatao na puno ng interes.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang tao ng tamang asal sa pakikipagkapwa na kailangang maging mapagkumbaba sapagkat darating ang panahon na ang mga tao din mismo ang magtataas sa iyo.

Talahanayan 3: Salawikaing Nagpapahayag ng Pagpapahalaga ng mga Tao

SALAWIKAING BUTUANON	SALIN SA WIKANG FILIPINO	ARAL NA MAKUKUHA
1. Ato ini, kadyawon ta.	Tangkilikin natin ang sariling atin.	Pagiging makabayan.

Batay sa pangatlong talahanayan, makikita ang salawikaing nabibilang sa pagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao na may aral na makukuha kagaya nito:

Pagiging makabayan. Ang pagtangkilik sa sariling atin ay isang katangian na nagpapakita ng pagkamakabayan. Kung ano ang nasa puso ng isang tao ay makikita ito sa mga bagay na tinatangkilik nito at kung mas inuuna nito ang gawa mula sa ibang bayan patunay itong puso rin niya ay naroon. Ang aral na ito ay makukuha sa salawikaing “Tangkilikin natin ang sariling atin”.

Kagaya ng karamihang mga Pilipino kunwa, na pagdating sa bagay na gusto mas gugustuhin nito at inuuna ang gawang galing ibang bansa kasi sosyal ang dating. May ilan din na kung ano ang uso sa ibang bansa ay pilit ding ginagaya at ginagawa sa sarili. Kahit nga sa kape may ilan na gustung-gusto ang mga kape mula sa

ibang bansa kahit masarap pa ang barakong kape dito sa Pilipinas pero dahil galing nga sa ibang bansa nagiging iba na ang dating nito.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay payo ukol sa pagiging makabayan nating mga Pilipino. Ito ay nagbibigay paalala na dapat bilang mga Pilipino at hindi Amerikano o ano pa man kailangang tangkilikin at ipagmalaki natin ang sariling atin.

Talahanayan 4: Mga Salawikaing Nagpapahayag ng Panlahat na Katotohanan at Pagmamasiid sa Buhay at Kalikasan ng Tao

SALAWIKAING BUTUANON	SALIN SA WIKANG FILIPINO	ARAL NA MAKUKUHA
1. Kon yaoy aso, yaon gid baga saon.	Kung may usok, tiyak may apoy.	Walang lihim na hindi nabubunyag.
2. Ang langaw nga nagpatong sa kabaw, nagtuo gid siya nga daku pa siya hong kabaw.	Ang langaw na nakapatong sa kalabaw ay nag-aakalang mas malaki pa siya kaysa sa kalabaw.	Hindi mabuti ang pagiging hambog o mapagmataas/ wag maging mayabang.
3. Ang mga tao nga salbahis malit-ag hong sa nila.	Ang mga taong masasama ay napapahamak sa sarili nilang kasalanan.	Walang mabuting dulot ang paggawa ng masama.
4. Magkahaba-haba ang prusisyon sa simbahan gid pauli.	Magkahaba-haba man ang prusisyon, sa simbahan pa rin ang kahahantungan.	Ano man ang pagdaanan isa pa rin ang hahantungan.
5. Ang santol di mamunga hong mangga.	Ang santol ay hindi namumunga ng mangga.	Ugaling minana.
6. Ang tubig nga mahawm mahunok, kay hong tubig nga himabaw nga masamok.	Ang tubig na malalim ay tahimik, ang tubig na mababaw ay maingay.	Maging matalino at mapagmasid.
7. Ang taong masipugon, gilikayan hong paghimo hong maat.	Ang taong may hiya, iniawasan ang paggawa ng masama.	Huwag gumawa ng masama.

8. Ang tanan na putahaw sa kalisod mapaiyon.	Ang lahat ng tamad sa kahirapan mapapadpad.	Huwag maging tamad at maging masipag.
9. Ang tawo na kusog magpakatawa, pagakawilihan saan man mupanaw.	Ang taong mahilig magpatawa ay kalulugdan saan man magpunta.	Maging masayahin.
10. Ang tawong malipayon, wa sakit hong kasing-kasing.	Ang taong masayahin ay may pusong hindi masakitin.	Maging masayahin.
11. Ang ming buhi hong kaisog, di hutdan hong kaaway.	Ang nabubuhay sa katapangan, hindi nauubusan ng kalaban.	Umiwas sa gulo.
12. Ang maisog hong pagsulti, wa siya mahimo.	Ang matapang sa salita, duwag sa gawa.	Maging balanse sa lahat ng bagay.
13. Ang tawong matinud-anon toohan gid hong tanan.	Ang taong matapat ay pinaniniwalaan ng lahat.	Tiwala ng tao'y makukuha kapag ika'y tapat.
14. Kung ikaw yaoy kaiban na masinabtanon, siya imong amigo.	Kung ikaw ay may kasamahan na madali kang nauunawaan, siya ay iyong kaibigan.	Tunay na pakikipagkaibigan.
15. Ang pobre magpabilin hong kapobre kung siya magpabilin dili maningkamot.	Ang isang mahirap ay nananatiling dukha kung siya ay mananatiling walang tiyaga.	Pagiging matiyaga.
16. Ang kuripot yaoy puruhan na maasinso.	Ang nagtitipid may kasaganaang	Pagiging matipid.
17. Ang maisog na wa maghuna-huna, mabutang sa guot.	Ang matapang na hindi nag-iisip, nalalagay sa masikip.	Dapat mas panaigin ang utak kaysa sa kapusukan.

Batay sa pang-apat na talahanayan, makikita ang mga salawikaing nabibilang sa pagpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao na may mga aral na makukuha na mga aral na gaya ng mga sumusunod:

Walang sekretong di nabubunyag. Bawat usap-usapan na lumabas ay tiyak may dahilan at pinagmulan. Walang mabubuong kuro-kuro ang mga tao kung wala itong pinagbasehan. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Kung may usok, tiyak may apoy”.

May dalawang taong sinasabing wala silang relasyong higit pa sa magkaibigan. Pero makikita sa mga ito na may ispesyal sila na pagtitinginan kahit gaano pang pagsasabing wala lang iyon. Hindi maiiwasan na makalikha ng haka-haka ang mga taong nasa paligid dahil na rin sa ipinapakita nilang kahina-hinala. Marami ng may pangangayaring gaya nito. Magugulat na lang ang lahat ng biglang mabuntis si babae, gayong ipinagpipilitan nilang wala silang relasyon. Papaano pang mapapasinungalingan na mayroon ng ebidensya. Isa lang ang masasabi ko dto, walang sekretong mananatiling tago magpakailanman.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay paalala na kahit ano mang pilit ang pagtago ng isang bagay kung ito ay patuloy na itinitibok ng puso, lalabas at lalabas din ang totoo.

Hindi mabuti ang pagiging hambog o mapagmataas. Kailanman ang pagiging hambog ay walang magandang maidudulot. Sa pagkahambog o mapagmataas ng isang tao magkakaroon siya ng maraming katunggali at kinaiinisan ng karamihan. Sa totoong buhay, may mga taong makatikim lang ng kunting biyaya ay agad-agad nagbabago, nagiging mapagmataas na, kaya marami ang masasaktan at dito ay magagalit. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing ‘Ang langaw na nakapatong sa kalabaw ay nag-aakalang mas malaki pa siya kaysa sa kalabaw’.

Minsan sa buhay ng isang tao may pagkakataong nabibiyaan tayo ng husto. Hindi malayo sa katotohanan na may mga taong kapag nakaranas ng ganitong pagkakataon ay nagbabago din. Kagaya ng iba na umangat ang posisyon sa pinapasukang trabaho o

kaya ay nagkaroon ng anak na nakapagtrabaho sa ibang bansa. Dahil sa kaginhawaang naranasan ay unti-unti ding nagbabago ang pakikitungo nila sa iba lalo na sa may mababang katayuan sa lipunan. Animoy masyado na silang mataas kumpara sa iba dahil umangat ang estado ng pamumuhay. Dahil din dito, mayroong mga taong lihim na masasaktan dahil sa pagbabagong pakikitungong kanilang natanggap.

Ang kahalagahan nito ay upang mapanuto ang mga tao sa tamang gawi na dapat iasal ng mga taong nakatikim ng kaginhawaan sa buhay na bakit kailangang magbago ng pakikitungo sa kapwa kung ay makakasakit lang ng damdamin at sa iyo’y may magagalit.

Walang mabuting dulot ang paggawa ng masama. Ang paggawa ng di kanais-nais sa kapwa ay di kanais- nais din ang babalik sa iyo. Ang mga taong gumagawa ng mga masasamang balak sa kapwa ay napapahamak din sa sariling kasamaan nito sapagkat hindi ipapahintulot ng Panginoon na gawan ng masama ang kanyang mabuting anak. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang mga taong masasama ay napapahamak sa sarili nilang kasalanan”.

Isipin na lang natin ang sitwasyong gaya ng ginagawa ng mga bata. Gumagawa ng isang butas at tinatabunan sa pag-aakalang may dadaan dito at mahuhulog ang isang paa sa butas. Sa katagalan ng paghihintay sa sinumang magiging biktima ay malilimutan nito ang butas na ginawa at sa di sinasadyang pagkakataon ang mismong gumawa ng butas ay siya din mismo ang mahuhulog sa ginawang patibong. Kung iispin ito ay isang laro at katuwaang pambata lamang subalit ang hangad pa rin nito ay hindi maganda, ang mamiktima ng kung sino para mahulog ang paa sa butas. Ito ay isang halimbawa ng ang taong masama ay napapahamak sa sarili nilang ginawang kabulastugan.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay ng paalala na hindi mabuti ang paghangad ng masama para sa ibang tao. Kalimitang ang hangaring di mabuti ay magwawakas din sa di mabuti gaya ng pagkakabitag sa sariling ginawang patibong.

Ano man ang pinagdaanan, isa pa rin ang hahantungan. Sa takbo ng buhay bawat tao ay may kani-kaniyang pagsisikap. May uunlad at may hindi. Marami ang dadanas ng kalungkutan, may iiyak at may iba may liligaya. Sa buhay may iba-ibang kwento ang tao mga paghihirap at pagsisikap. Subalit kahit ganito man may mga bagay pa rin na sa huli pare-pareho ang kahahantungan ng tao. Magkakaroon ng wakas ang lahat at haaharap sa kamatayan. Bawat tao ay may kani-kaniyang bali-balikong daan subalit pareho pa rin ang kahahantungan ng lahat, ang katapusan. Ito ang makukuhang aral sa salawikaing “Magkahaba-haba man ang prusisyon, sa simbahan pa rin ang kahahantungan”.

May mga kabataan sa ngayon mapalalaki o babae man ay maraming nilalagay sa balat at sa mukha para lamang maganda tingnan at magmumukang bata. Makinis, maputi at walang taghiyawat ito ang kanilang nais kaya kung ano-ano ang nilalagay. May ilan namang kabataan na masyadong bilad sa araw dahil sa pagtatrabaho, walang mailagay na proteksyon sa mukha para hindi umitim kaya maagang nagmumukhang matanda. Pero sa kabila ng lahat ng pag-aalaga sa balat at sa mukha pareho pa rin ang kahahantungan ng lahat, ang kukulubot ang balat at mukha at tatanda ang lahat. Walang taong mananatiling bata at hindi kukulubot ang balat at mukha. Pareho lahat tayo ng kahahantungan ang tatanda kung abutin man ang gulang ng katandaan.

Ang kahalagahan nito ay upang paalalahanan ang tao na may mga bagay na iba-iba man ang sinimulan ay pareho pa rin ang magiging kahahantungan sa huli.

Ugaling minana. Kung ano ang pag-uugali ng isang bata tiyak na ito ay nagmula at nakuha niya sa kanyang magulang. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang santol ay hindi namumunga ng mangga”.

May pagkakataon sa buhay na kapag may nakilala tayong isang tao na mukhang pamilyar sa atin ay napapaisip tayo. Kapag nalaman nating kilala natin ang mga magulang nito, ay masasabi agad natin na kaya pala mukhang kilala na kita sapagkat maaaring pareho ang galaw at kilos sa ama o sa ina at maaari ring namana nito isa sa mga magulang ang hitsura nito at maging ang pamamaraan ng pakikipag-usap. Kaya may kasabihan na kung ano ang puno ay siya ang bunga.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang tao na malabo ang pagkakataong hindi mamamana ng anak ang ilan sa katangian, galaw o kilos at pisikal na kaanyuan mula sa magulang. Kaya nagiging repleka ang anak sa katauhan ng kanyang mga magulang.

Maging matalino at mapagmasid. Ang taong maraming nalalaman ay nag-iisip at maingat sa mga bibitawang mga salita, mula sa kukunting salita subalit ito ay puno ng kaalaman kaysa sa taong kukunti lang ang nalalaman ito ay madada at matagal bago matukoy ang nais na ipabatid. Ito ang aral sa salawikaing “Ang tubig na malalim ay tahimik, ang tubig na mababaw ay maingay”.

Pagmasdan mo ang isang silid-aralan o isipin mo mula sa iyong mga naging kaklase kung sino dito ang tahimik at maingay. Subukang ikumpara ang kanilang kakayahan kung sino ang nakakahigit. Sa mga taong inilagi ko dito sa mundo ay marami na akong nakilalang tao at kasali na dito ang matatalinong mga tao. Sa aking napapansin ang mga taong matatalino ay hindi maingay at hindi nagsasalita ng mga walang kabuluhang bagay. Ang mga taong matatalino ay hindi masalita at kapag nagsalita man ay kapupulutan

mo ito ng maraming kaalaman. Subalit ang taong kulang-kulang sa kaalaman ay maingay sa mga walang kabuluhang bagay at maraming sinasabi dahil walang kasiguraduhan sa bawat bibitawang salita. Kagaya din ng isang latang may laman at wala. Kapag ihuhulog mo ang latang walang laman ay mas maingay ito kumpara sa latang may laman.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay paalala na ang taong maingay ay kagaya ng latang walang laman at ang taong maraming alam ay kagaya ng latang puno ng laman. Nalalaman mo ang kanilang tunog depende sa laman nito na kagaya din sa tao na masusukat mo ang kaalaman depende sa bawat salitang lumalabas sa bibig.

Wag gumawa ng masama. Ang taong may hiya ay nag-iingat sa bawat hakbang na tatahakin at ang paggawa ng masama ay kanya itong ikinahihiya at pilit na magsusumikap upang hindi makagawa ng mali. Ang taong may hiya ay lalong iniwasan ang paggawa ng hindi mabuti sapagkat ayaw nitong mas mapag-usapang lalo ng mga tao. Ito ang aral na sa salawikaing “Ang taong may hiya, iniwasan ang paggawa ng masama”.

Kagaya ng isang tao na may hiya ay kahit pa gaano na nito kahirap ay hindi ito gagawa ng hakbang gaya ng pagnanakaw at panghihingi. Dahil para sa kanya isa itong mas kaahiya-hiyang bagay kaya pipilitin nitong lalong magsumikap kaysa umasa sa iba at gumawa ng maling hakbang at hindi matitiim ng taong kagaya nito ang pag-usapan ng tao dahil sa kabalbalang ginawa.

Ang kahalagahan nito ay upang tayo ay mapagsabihan na ang paggawa ng masama ay bagay na dapat ikahiya kaya iwasang makagawa ng di kaaya-ayang gawain kung ayaw mapag-usapan ng mga tao ang kabulukang nagawa mo.

Wag maging tamad at magsipag. Walang taong tamad na naging maunlad, dahil papaano uunlad ang isang tao kung wala namang itong ginagawa. Iisa lang ang kahahantungan ng tamad ang malugmok sa kahirapan. Ito ang aral sa salawikaing “Ang lahat ng tamad sa kahirapan mapapadpad”.

Kalimitang ang mga taong tamad ay matatagpuan sa kanto o kaya ay sa sugalan na walang ibang ginagawa kundi ang iasa ang kinabukasan sa sugal. Kapag makapera ng kunti ay agad itong nilulustay sa inuman at ipupusta sa sugal sa pag-asang mananalo na walang katiyakan. Ito ang kalimitang ginagawa ng mga taong tamad, walang ginagawa kaya patuloy na maghihikahos sa buhay at walang magandang bukas ang sa kanila ay naghihintay.

Ang kahalagahan nito ay upang mabigyang payo ang nakararami na kailangang magsikap sa buhay at hindi ang pagiging tamad ang panaigin upang magkaroon ng kaginhawaan sa buhay. Ang salawikaing ito ay nagsisilbing inspirasyon sa nakakarami upang magsumikap nang hindi maghirap.

Maging masayahin. Kung ano ang iyong ipinunla ay siyang iyong aanihin. Sa pakikibahagi ng iyong kaligayahan ay tiyak na marami din ang sa iyo ay masisiyahan. Kaligayahan ng isang masayahing tao ang magbigay ligaya. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang taong mahilig magpatawa ay kalulugdan saan man magpunta”.

Isa sa kilala ng mga Pilipino na mahilig magpatawa at magbigay ng kasiyahan ay si Willie Revillame. Likas nang talento niya ang magpasaya ng tao kaya maraming natutuwa at nagkakagusto sa kanya. Maraming mga tao na kahit may kapansanan ay nagagawa niyang mapatawa kaya mula sa ganito niyang katangian ay marami ang nalulugod sa kanya. Kagaya rin sa atin kung pipiliin natin ang maging masaya at magbigay ng

kasiyaha sa ating kapwa ay marami rin ang matutuwa sa atin sapagkat puno ng kaligayahan at pag-asa ang masisilayan ng mga tao sa isang taong mahilig magpaligaya at makakatulong ito upang panandaliang mawaglit sa isipan ang mga problema sa buhay.

Ang kahalagahan nito ay upang masabihan ang tao na ang pagbibigay kasiyahan sa ibang tao ay malaking tulong sa kapwa, sa pagpapagaan ng anumang bigat na pinapasan ng sinuman.

Maging masayahin. Ang pagiging masayahin ay nakakapagpagaling ng anumang karamdaman, mapapisikal o pandamdamin man. Ito ang aral sa salawikaing “Ang taong masayahin ay may pusong hindi masakitin”.

May isang babaeng may taning na ang kanyang buhay dahil sa malubha nitong karamdaman. Imbis na magmukmok siya at malungkot, ang ginawa niya ay gumagawa siya ng mga bagay kung saan ay masisiyahan ang lahat. Bawat nalalabi niyang araw ay ginugugol niya sa mga bagay na nakapagdulot sa kanya ng kasiyahan. Bawat araw niya ay puno ng tawa at ngiti maging ang mga tao sa kanyang paligid ay nahawa sa kanyang kasiyahan. Hindi na niya iinisip ang araw ng kanyan pagpanaw. Hanggang sa lumagpas ang kanyang buhay sa taning na sinabi sa kanya at patuloy na nakikipaglaban sa buhay. Dito napag-alaman niya na dahil sa parating pagtawa ay nawala ang kanyang karamdaman na dati ay hindi magamot-gamot ng medisina.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang mga tao na ang pagiging maligaya ay hindi lang nakakapagpagaan ng damadamin kundi nakakapagpagaling din ito ng anumang karamdaman mapapisikal o pandamdamin man. Kaya nga sinasabing ang pagtawa ay ang pinakamabisang panlunas sa anumang karamdaman.

Umiwas sa gulo. Kung ang uri ng pamumuhay ng isang tao ay dinadaan sa puro tapang o init ng ulo magiging maliit ang mundong gagalawan nito dahil magkakaroon ito ng maraming kaalitan at kaaway at marami ang dito ay hindi magkakagusto. Ito ang aral sa salawikaing “Ang nabubuhay sa katapangan, hindi nauubusan ng kalaban”.

Ang pagkakataong kagaya nito ay makikita sa isang taong laging bumibili ng away at walang inuurungang gulo. Laging nakikipagbasag-ulo. Para sa mas malinaw na halimbawa, ay yaong mga kabataang mayroong mga gang na may inaaring teritoryo at kung sino man ang lumampas at pumasok dito mula sa kabila o ibang grupo ay tiyak makakatikim ng sakit ng katawan. Kaya kung ang mga kabataang ito ay hindi basta-basta makakapunta sa ibang lugar sapagkat hindi ito makakabuti sa kanya dahil maaari siyang mabugbog o mapatay kagaya ng nababalitan nating inkwentro at bugbugan sa telebisyon mula sa dalawang puro matatapang na grupo.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay payo na ang pagiging laging matapang at walang pagkamahinahon ay magkakaroon ng maraming mga kaalitan at kaaway. Kaya lumiliit ang mundo ng mga taong may sobrang tapang na wala na sa lugar. Sa pamamagitan ng pagkamahinahon ay magkakaroon ka pa ng maraming kaibigan at malaya kang makakapunta sa iba’t ibang ng walang pag-aalinlangan dahil wala kang naging kaalitan.

Maging balanse. Ang isang indibidwal na mas marami ang panahon sa pagsasalita ay mauubusan na sa oras sa paggawa. Kaya kalimitang mas gusto ng mga tamad na magkuwentuhan na lang palagi kaysa sa gumawa. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang matapang sa salita, duwag sa gawa”.

May mga pagkakataong may mga magulang na kung pagalitan ang anak ay labis-labis ang mga salitang ginagamit. Mga linyang kagaya nito, ‘pag hindi ka titigil diyan ihuhulog kita sa bintana, ang sarap mong ihawin bata ka, kung hindi mo liligpitin ito ikaw ang liligpitin ko, gusto mo baliin ko yang buto mo, at marami pang ibang mga linyang ginagamit ng mga nakakatanda. Labis-labis kung magbitaw ng mga salita pero hindi naman nito kayang totohanin, kaya ang mga bata ay nagiging manhid na sa ganitong mga linya sapagkat alam nilang kailanman ay hindi ito kayang totohanin.

Ang kahalagahan nito ay upang mapanuto tayo na maingat sa mga salitang sasambitin at mula sa mga salitang pinakawalan ng bibig ay dapat itong totohanin at hindi lang puro salita subalit hindi naman ginagawa ay magkakawalang bisa ang mga salita kung wala sa gawa.

Tiwala ng tao’y makukuha kapag ikaw ay tapat. Ang taong di mo kakitaan ng anumang kasinungalingan ay tiyak paniniwalaan ng lahat. Subalit ang taong nagsisinungaling ay mahirap ng bigyan ng panibagong pagkakataon at mahirap ng ibalik ang tiwala ng nakararami dito. Ito ang aral sa salawikaing “Ang taong matapat ay pinaniniwalaan ng lahat”.

Isang katangiang higit na kinakailangan sa posisyong taga-ingat yaman ay ang pagiging matapat. Kailangan ang katangiang ito sapagkat pera na ang pinag-uusapan dito at marami ang dito ay magkakainteres kaya upang walang lukohang mangyari kailangan ang katapatan sa trabaho. Ang taong matapat ay hindi kakikitaan ng anumang tinatagong anumalya kaya ang taong matapat ay nakukuha ang tiwala ng lahat.

Ang kahalagaha nito ay upang maturuan ang taong maging matapat sapagkat ito ang katangiang kailangan sa panahon ngayon

upang umunlad ang sangkatauhan at bukod pa dito sa pagiging matapat, madaling makukuha ang tiwala ng lahat.

Tunay na kaibigan. Isang pamantayan ng isang tunay na kaibigan ay ang madali kang mauunawaan sapagkat hindi mo na kailangan magpaliwanag sa bawat mo pagkakamali at kaligayahan sapagkat kilos pa lang nauunawaan na niya. Ang ganitong uri ng tao ay ang taong handang umunawa at umintindi sa iyo na matatawag mong isang kaibigan. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Kung ikaw ay may kasamahan na madali kang nauunawaan, siya ay iyong kaibigan”.

Walang taong nakapag-iisa, sa lahat ng kabanata nito sa buhay ay nandoon hindi lang partisipasyon ng pamilya kundi ng mga kaibigan din. Lahat tayong mga tao ay may matatawag na kaibigan sa iba’t ibang dahilan. Dahil sa ito ay madali nating nakasundo, tayo ay tinulungan at tayo ay kanilang nauunawaan. Isa sa naging pamantayan ng karamihan sa pagkuha ng kaibigan ay kung nakakaunawa ba ito sa iyo. Sapagkat ang taong madaling nakakaunawa, ibig sabihin ay naiintindihan nito ang buong pagkatao mo ng wala ng masyadong talastasan. Kaya kung makatagpo ka man ng taong kagaya nito na madali kang nauunawaan ito ay tiyak magiging isang mabuting kaibigan.

Ang kahalagahan nito ay upang turuan ang tao sa pagkakaroon ng kaibigan. Itinuturo dito ang katangian ng isang mainam na kaibigan, ang madaling nakakaunawa sapagkat hindi madali ang umunawa sa isang tao kaya kung maghahanap ka man ng kaibigan tiyaking ito ay taong handang umunawa sa iyo.

Pagiging matiyaga. Ang taong naghahangad na guminhawa subalit walang ginawa na pagpupursige sa buhay ay mananatili sa pusaling kinatatayuan nito. Ito ang aral na makukuha sa

salawikaing “Ang isang mahirap ay manatiling dukha kung siya ay manatiling walang tiyaga”.

Minsan nagkaroon kami ng isang kapitbahay na may kahirapan sa buhay. Mayroong hindi masyadong maayos na babhay at di magawang pag-aralin ang lahat ng mga anak lalo na sa kolehiyo. Ang ama ng pamilya ay magsasaka, ang ina naman ay walang trabaho. Hindi kaya ng ama ang mag-isa sa paghahanap ng trabaho upang matustusan ang kailangan ng buong pamilya. Ang maybahay at ang mga anak ay walang ginawa upang matulungan ang kanilang ama at maaga pang nagsiasawa ang ibang mga anak nito. Kaya ang buhay nila ay walang kaunlaran dahil sa walang pagkukusa ang buong pamilya na matulungan ang isang taong naghahanapbuhay para sa kanila.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay aral na sa pagiging tamad ay tanging kahirapan lamang ang mapapala at maluwa bago maranasan nito ang kakarampot na kaginhawaan.

Pagiging matipid. Ang pagtitipid ay hindi paggugutom sa sarili kundi ang pagtitipid ay upang maging masagana pagdating ng araw kung saan ang karamihan ay dumaranas na ng kawalan, may madudukot ka pa at maaari ka pang makatulong. Ito ang aral sa salawikaing “Ang nagtitipid may kasaganaang makakamit”.

Kagaya ng pagkakataon na ang isang tao kapag may pera ay hindi nito ginagasto sa kahit ano na lang bagay na maibigan nito. Ang taong matipid ay bumibili lamang ng mga bagay na kailangan at hindi lamang mga kapritsuhan. Kaya ang taong matipid ay hindi pa nauubusan ng pera may panibago na namang perang matatanggap maaaring suweldo o pera mula sa mga magulang. Kailanman ang taong matipid ay hindi abuting maghihikahos.

Ang kahalagahan nito ay upang maturuan ang tao na maging matipid. Kailanging unahin ang mga bagay na kailangang-kailangan at hindi kung ano-ano lamang na dagdag gastos lamang na wala namang masyadong pakinabang. Itinuturo dito na sa pagiging matipid, sarili rin mismo ang makikinabang at hindi makakaranas ng kagipitan.

Dapat mas manaig ang isipan kaysa sa kapusukan. Kung ang galit o kapusukan ang pananaigin ng isang tao at hindi ang pag-iisip muna sa isang nag-iinit na sitwasyon tiyak na mas mapapahamak lang ito. Ito ang aral na makukuha sa salawikaing “Ang matapang na hindi nag-iisip, nalalagay sa masikip”.

Kagaya ng isang ama na galit na galit at naghahamon sapagkat sinaktan ang anak nito. Dahil sa init ng ulo ay humantong sa pisikal na awayan hanggang sa umabot na sa baranggay ang gulo at nag-usap. Sa pag-uusap ay doon napatunayan na ang anak pala ng amang nanghamon ang siyang pasimuno ng lahat at siyang naunang nagsimula ng gulo. Hindi kasi muna inisip ng ama na baka kasalanan din ng kanyang anak at sana kinausap muna ang anak nito bago magpadala sa bugso ng damdamin.

Ang kahalagahan nito ay upang turuan ang tao na unahin munang mag-isip bago papasok sa isang sitwasyon na maaaring dahil sa hindi pag-iisip ng mga posibleng mangyayari ay malalagay sa isang gipit na sitwasyon o kapahamakan na mahirap ng maiwasan.

Talahanayan 5: Mga Salawikaing Nabibilang sa Ibang Pangkat

SALAWIKAING BUTUANON	SALIN SA WIKANG FILIPINO	ARAL NA MAKUKUHA
1. Paminaw hong tambag tapos paninguhaa ng amakaantigo kaw para	Makinig sa payo at sikaping matuto para maging mautak.	Makinig sa payo.

maantigo kaw mohubad.		
2. Ayaw pag-ihapa ang asidutay nga piso mintras wa mapusa ang itlog.	Huwag mong bilangin ang sisiw hanggat di pa napipisa ang itlog.	Pagpupursige.
3. Ang pad magbuot.	Ang kapalaran ang may pasya.	Maging sigurado sa mga hakbang na gagawin.
4. Kon diin kaw makadusmag, duon kaw mobangon.	Kung saan ka nadapa ay doon ka bumangon.	Maging matapang sa pagharap sa hamon ng buhay.
5. Unhon ko ang mga buwak nga sulti kong ini hinimo himo lang, mas gusto ko pang masakitan kung ini ang kamatuoran.	Aanhin ko ang mabulaklak na salita kung ito ay walang ktotohanan, mas nais ko pang masaktan kung ito naman ay tototo.	Magsabi ng katotohanan.
6. Bag-o mo pangayuon ang kagawasan, pangusgan mo nga kaya mo ini.	Bago mo hingin ang iyong kalayaan, tiyakin mong kaya mo itong pangatawanan.	Pagkakaroon ng determinasyon.

Batay sa panglimang talahanayan, makikita dito ang mga salawikaing nabibilang sa iba pang mga pangkat na may makukuhang aral gaya n g mga sumusunod:

Makinig sa payo. Kailangan ang pakikinig sa payo upang buhay ay mapanuto at upang matulungang maiwasto ang ilang kamalian. Ito ang aral sa salawikaing “Makinig sa payo at sikaping matuto para maging mautak”.

Halimbawa nito ay ang pagbibigay ng payo ng mga magulang sa mga anak ukol sa kung ano ang dapat at hindi dapat habang bata pa. Bilang isang mautak na anak ang pakikinig sa payo mula sa mga magulang ay hindi pinapalampas sa kabilang tainga lamang kundi nilalagay nito sa puso at isipan ang bawat payo at paalala na binigay ng mga magulang para sa sariling kapahamakan at maayos na kinabukasan. Mula sa mga payong ipinagkaloob ng mga magulang ay dapat sikaping matuto sa tama at mali. Matuto

mula sa karanasan ng iba at hindi na kailangang danasin pang personal upang matuto.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay payo na kailangang makinig sa mga payo dahil balang araw ang mga payong yan ang magsisilbing gabay at tulong sa paggawa ng desisyon at mga payo ding nalikom ay makakatulong upang madagdagan ang mga ideyang nakaimbak sa isipan.

Pagpupursige. Kailangan ng isang tao ang maging masipag at iwasang lumiyag sa isang bagay na hindi pa nangyayari na tanging sa panaginip lamang magkakatotoo. Ito ang aral sa salawikaing “Huwag mong bilangin ang sisiw hanggat di pa napipisa ang itlog”.

Ang pagkakataong ito ay katulad ng isang magsasaka na habang nagtatanim pa lamang ay iniisip na kung gaano karami ang maaani at makukuhang pera mula sa pananim ni hindi pa lumalaki ang mga pananim. Kailangan munang alagaan at palaguin ang mga pananim bago mag-isip ng interes sapagkat bago makaani ay marami pang bagay na kailangang gawin upang mapalago at maalagaan ang pananim. Kailangan pa ng ibayong sipag para magkaroon ng maraming ani.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay aral na kailangan maging masipag sa kung ano mang bagay ang gusto nating makamtan at hindi dapat unahing isipin ang makukuhang agarang interes mula sa isang bagay.

Pagsisiguro sa mga hakbang na gagawin. Ang paggawa ng isang hakbang ay huwag ipagwalang bahala lang, dapat ito ay siguraduhin upang walang pagsisisihan sa huli. Hindi rin tama na iasa natin sa kapalaran ang ating buhay sapagkat tayo mismo ang

gumagawa ng ating kapalaran. Ito ang aral sa salawikaing “Ang kapalaran ang may pasya”.

Kagaya ng isang pangyayari na may isang taong taga probinsiya na nais pumunta ng Maynila sa pagnanais na doon makikita ang magandang bukas ni walang kakilala na maaaring niyang matakbuhan. Iniasa na lang niya sa tadhana at kapalaran ang lahat. Bahala na ang lahat pagdating niya doon. Pagdating niya ng Maynila iba ang nangyari sa kanyang inaasahan kaya kagaya ng karamihan kapit na lang sa patalim para mabuhay.

Ang kahalagahan nito ay upang mapagsabihan ang tao na dapat maging sigurado sa hakbang na gagawin na dapat may malinaw na paningin para sa bukas at hindi dapat iasa sa Kapalaran sapagkat tayo mismo ang gumagawa ng sarili nating kapalaran.

Maging matapang sa pagharap sa hamon ng buhay. Mula sa pagkakadapa ay huwag mawalan ng pag-asang muling bumangon at lumaban sa buhay. Kung saan nadapa ay doon subukang tumayo, mas mabuti kung tapusin ang anumang laban kaysa dadaku sa panibago na may naiwan pang hindi napagtagumpayan. Ito ang aral sa salawikaing “Kung saan ka nadapa ay doon ka bumangon”.

Sa buhay ng tao maraming mga pagsubok, maraming mga kabiguan at mayroon ding tagumpay. Pero kahit ano pa mang kabiguan ang nakaharap dapat pa ring wag mawalan ng pag-asa at muling bumangon mula sa lugmok na buhay. Kagaya ng isang estudyante na habang nag-aaral ay nabuntis. Ito ay isang pahina ng buhay na maaaring ikakabago sa takbo ng kanyang buhay. Kalimitang ang ganitong pangyayari ay isang kabiguan para sa mga magulang at sa mismong estudyante na nabuntis. Maaaring ito ay isang pagkakamali na nagiging kabiguan para sa kanyang magagandang pangarap sa buhay. Pero hindi dito titigil ang buhay.

Ang pangyayaring ito ay pangkaraniwan na sa panahon ngayon, maraming nakakaranas nito na nagsumikap ng lalo upang makatapos upang mabigyan ng magandang bukas ang anak. Ang iba naman ay nagsumikap maghanap ng trabaho para may pangtustos sa magiging anak na mag-isang bubuhayin. Ika nga kani-kaniyang diskarte yan, kailangang kaharapin ang pagkakamaling nagawa. Sa bawat pagkakamali at kabiguan na nangyari sa buhay kailangan harapin ito ng buong tapang para patuloy ang buhay. Huwag kang patuloy na mangunyapit sa kabiguan sa buhay kasi kung ganoon wala kang mararamdamang pag-asa at kaghinawaan dahil kinukulong mo mismo ang sarili sa isang bagay na maaari naman sanang hindi.

Ang kahalagahan nito ay upang magbigay-aral sa buhay ng tao na sa bawat pagkakamali at kabiguan sa buhay kailangang buong tapang itong kakaharapin at patuloy na makikipaglaban sa kahit anumang dala ng buhay para makamtan ang tagumpay sa buhay.

Magsabi ng katotohanan. Mas mabuti ang magsabi ng katotohanan kahit pa ito ay masakit kaysa sa manluko ng kapwa. Di bale na kung hindi magiging maganda ang kumento kaysa sa paasahin ang isang tao kung saan ito ay pawang kalukuhan. Ito ang aral na sa salawiaking “Aanhin ko ang mabulaklak na salita kung ito ay gawa-gawa lamang, mas nais ko pang masaktan kung ito ay katotohanan”.

Kagaya ng mga salita ng isang kaibigan. Kagaya ng pagtatanong kung bagay ba sayo ang damit na suot mo. Diritsahang sasabihin ng iyong kaibigan na pangit sa iyo ang damit kaya magpalit ka. Masakit kung tutuusin ang mga salitang bibitawan ng isang puna at pagtatamang ibibigay ng kaibigan. Pero di bale ng masaktan kung ito naman ay katotohanan kaysa sa pagpupuri ng iba sa harapan kahit ang totoo ay hindi naman, para hindi ka lamang

masaktan. Subalit ang totoo mas masakit ang malaman mong kasinungalingan lang pala ang lahat, kaya mas mabuting sa umpisa pa lang ay mainam na malaman ang totoo kahit masakit kaysa sa pilit maniniwala sa isang kasinungalingan kung saan mas dobleng sakit ang iyong mararamdaman.

Ang kahalagahan nito ay upang pagsabihan ang tao na mas mainam marinig ang masakit na katotohanan kaysa sa isang mabulaklak at magandang mga salita subalit pawang kasinungalingan.

Pagkakaroon ng determinasyon. Kung hinahangad mo ang isang bagay, kailangan dito ang pagpupursige o determinasyon upang makamit ang minimithi dahil kung agad na mawawalan ng pag-asa hindi mo talaga mararanasan ang matinding kaligayang na nilaan ng malaking puhunan. Ito ang aral sa salawikaing “Bago mo hingin ang iyong kalayaan, tiyakin mong kaya mo itong pangatawanan”.

Kagaya ng isang relasyon na gustong makipagkalas ng babae. Bago palang hingin ng babae ang kalayaan mula sa kasintahan ay tiniyak muna sa sarili nitong kaya niyang mag-isa at patuloy na mabuhay na malayo sa piling ng dating sinisinta. Kasi ang kalayaang hinihiling ay hindi magiging kalayaan kung hindi ito kayang pangatawan kung may pag-aalanganin pa ito kasi kung ganoon maaari pa rin itong bumalik sa piling ng iniwang kasintahan.

Ang kahalagahan nito ay upang pagsabihan ang tao na bago gumawa ng isang kapasyahan lalo na ang kalayaan ay kaya na itong panindigan at kakayanin ng pangatawanan ang desisyong napagpasyahan.

Masasalamin sa mga salawikain ng mga Butuanon na kahit pinangkat-pangkat ay pareho pa rin ito sa pangkalahatang layunin ng salawikain, ang magbigay paalala, gabay, payo at mg aral upang tayong mga katangi-tanging nilalang ay mapanuto sa tama at maayos na pamumuhay.

Pagpapahalaga

Ang salawikain sa unang tingin ay animo’y pang-aliw lamang dahil kalimitang masisining ang mga salitang ginagamit dito at karaniwang pang may tugma. Sa tunay na kaanyuan ng salawikain, ito ay may mas mahigit pang halaga. Noon pa man ginagamit na ng mga ninuno natin ang mga salawikain sa pakikipag-usap sa pang-araw-araw. Ito ay ginagamit upang mangaral, magpaalala, magbigay-babala at payo lalong-lalo na sa mga kabataan na salat pa sa karanasan. Sa ngayon, ang pangkalahatang layunin ng salawikain ay hindi nabago sapagkat pareho pa rin ang gamit nito ayon sa iba’t ibang mga dalubhasa.

Ang salawikain na isa sa mga uri ng kaalamang-bayan ay patuloy na ginagamit at pinapayaman sa pamamagitan ng patuloy na paggamit nito na hindi nawawala ang ningning at kagandahan nitong taglay. Naipapakita dito ang pagkamalikhain ng mga Pilipino sa puntong pangangaral at pagpapayo.

Sa kasalukuyan, nakakalungkot lang isipin na ang kalimitang sumasambit lang ng mga salawikain ay ang mga matatanda lamang. Pero ang maganda pa rin ay ang anyo at ayos ng salawikain ay nanatili pa rin. Sa pamamagitan ng salawikain nasasalamin ang mga pag-uugali at paniniwala ng mga taong gumagamit nito.

Sa ginawang pag-aaral napag-alamang ginagamit ang salawikain ng mga butuanon upang mapanuto, magbigay paalala,

magsisilbing gabay at magbigay-aral ito lalo na sa bagong henerasyon. Sa mga Butuanon ang salawikain ay nagsisilbing batayan sa tama at maling pag-uugali.

5. Buod, Konklusyon at Rekomendasyon

Ang kabanatang ito ay malinaw na inilahad ang buod, konklusyon at rekomedasyon ng pag-aaral.

Buod

Ang pag-aaral na ito ay patungkol sa isang pagsusuri sa mga aral na nakapaloob sa mga Salawikaing Butuanon.

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga salawikain ng mga Butuanon, maisalin ang mga salawikain sa Wikang Filipino, maunawaan ang mga aral namakukuha sa mga salawikaing Butuanon, at mabatid ang kahalagahan ng salawikain ng mga Butuanon sa kanilang buhay.

Ang pamamaraang ginamit sa pagsagawa ng pag-aaral na ito ay diskriptib sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman ng mga salawikain mula sa mga kinalap at nalikom na animnapung (60) salawikaing Butuanon.

Batay sa kinalabasan ng masusing pagsusuri natuklasan ng mananaliksik na napakaraming mga mabubuting aral ang ipinapahiwatig sa mga salawikain mula sa Butuan.

Lumitaw sa pagsusuri ang mga sumusunod:

- 1) Ang mga salawikain ay nagtataglay ng mga aral batay sa paningin sa buhay at batas ng buhay gaya ng pakikipagkapwa upang mabuhay, magkaroon ng payapang

pamumuhay, magsipag upang mabuhay, maging tapat at mabuting asawa, ang pag-aasawa ay banal o sagrado, panalangin at tiwala sa Diyos, walangmaidudulot na kabutihan ang paggawa ng masama, makinig sa mga payo, at maging matapang sa pagharap sa mga hamon sa buhay.

- 2) Ang mga salawikain ay nagtataglay ng mga aral para sa kabutihang asal ng bawat tao gaya ng pagiging mapagkumbaba, masipag, mabuti, marunong o matalino, matiyaga, matapang, tapat, may dignidad, maagap, maingat, makatao, responsible, masayahin, walang kinikilingan, at matipid.
- 3) Ang salawikain ay nagtataglay ng pagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao gaya ng pagiging makabayan.
- 4) Ang mga salawikain ay nagtataglay rin ng mga aral batay sa panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao gaya ng ang lahat ng mga bagay sa mundo ay may katapusan at hantungan, walang lihim na hindi nabubunyag, at ag pag-uugali ay minamana.

Konklusyon

Ang panitikan ay isang instrumento upang may pagkakilanlan ang isang naturang lipunan. Makatutulong din ang panitikan para magkaisa ang mga naninirahan dito. Ang salawikain na isa sa mga uri ng panitikan ay nakatutulong ng malaki para sa pagpapalawak ng pagbibigay-aral, payo at paalala upang magabayan ang bawat indibidwal sa tama at wastong pamamaraan ng pamumuhay. Kaya, napakahalaga ng patuloy na paggamit ng mga salawikain para sa iba namang pamamaraan ng pagpataw ng disiplina at maayos na pamumuhay ng bawat indibidwal.

Para sa mga Butuanon, ang salawikain ay malaking tulong para sa kanilang buhay upang magsilbing batas ng pangmabuting asal. Salawikain ang kanilang pamantayan ng mabisang paraan ng

pagbibigay payo, pagbibigay aral, paalala at magturo ukol sa kagandahang asal lalung-lalo na sa mga kabataan na masyado ng nahawa ang pag-uugali sa pagiging liberal na pag-iisip ng mga taong nabubuhay sa bagong henerasyon na wala ng pagpapahalaga sa tama at wastong pag-uugali. Lubos na napakahalagang gamitin ang mga salawikain sapagkat mas tumatalab ito sa damdamin ng tao kaysa sa natural na daloy ng pakikipag-usap.

Sa kabuuan, ang salawikain ay mainam na instrumento upang maging daluyan ng pagpapayo, pagbibigay-aral, pagpapanuto, pang-aliw,paalala, at pangangaral dahil sa nakakahumaling nitong kaayusan, anyo at ganda.

Rekomendasyon

Matapos ang ginawang pag-aaral tungkol sa mga salawikaing Butuanon. Ang mananaliksik ay nakabuo ng ilang mungkahi na may kinalaman sa paksang ito, gaya ng mga sumusunod:

1) Sikaping maglagay ng mga poster na may nakalagay ng mga salawikain sa mga pampublikong lugar upang marami ang makakita at makakabasa.

2) Sa lahat ng antas ng paaralan, pampribado o pampubliko man ay sikaping ituro ito at magpaskil ng mga salawikain sa dingding ng mga paaralan.

3)Magkaroon ng malawakang pag-aaral sa mga salawikaing Butuanon.

Bibliyograpi

Cali, S. O. (2003). 40 Salawikaing Maranao; Isang Pagpapahalaga. MSU, Marawi City.

- Capadunga, A. T. (2004). *Atityud ng Mga Pangunahing Tauhan sa mga Kwento ni Genova Edoza-Matute*. MSU, Marawi City.
- Cassanova, A.(2001). *Panitikang Pilipino.Wika, Linggwistika at Bilingwalismo na Pilipinas*. Quezon City: Rex Printing Company.
- De Guzman, M. O. (1999). *Dictionary English-Filipino; Quezon City, Philippines: Golden Mines Printing Press.*
- Diksyunaryong Filipino-English. (2000). San Miguel, Manila: National Book Store
- Edis, S. M. (2000). *Pagsasalin At Pagsusuri sa Mga Iba't Ibang ng Awiting Bayan Maranao*. MSU, Marawi City.
- Englis, L. (1997). *English-Tagalog Dictionary*. Metro Manila, Philippines: National Book Store.
- Go, R. C. et al. (1995). *Kulturang Caraga*. Quezon City: Heritage Publishing House.
- Komisyon sa Wikang Filipino Diksyunaryo ng Wikang Filipino, Sentinyal Edisyon. (1998). San Miguel, Manila: Merelvin Publishing House,
- Penida, P. (1979). *Ang Panitikang Pilipino sa Kaunlarang Bansa*. Manila: Philippine National Book Store.
- Perez, T. (1999). *Panitikang Pilipino sa Kaunlarang Bansa*. Quezon City: Meriam College.

Santiago, E. M. (1989). Panitikang Pilipino. Mandaluyong
City: National Book Store.

Sarsoza, J. F. Jr. (Editor). (2005). Nuggets of Wisdom. Caloocan
City: Philippine Publishing House.

Tiamson- Rubin, L. (1986). Panitikan: Anyo, Pagsulat,
pagpapahalaga. Manila: Solidad Publishing House.

Tinnes-Chamber Learner's Dictionary An intermediate
Dictionary for One Learners of English, 1985.

About the Researcher



Ms. Carousel Tagaylo is a faculty member in the English Department of the College of Arts and Sciences. She is a graduate of Master in Teaching English at La Salle University, Ozamiz City in 2003. She is presently the coordinator of On-the-Job Training and Practicum at the same institution.



Shiela Pacardo is a graduate of Bachelor of Science in Mathematics from Mindanao State University-Gensan, General Santos City. She took Master of Science in Mindanao State University, Iligan Institute of Technology. She is currently a faculty member of the College of Arts and Sciences in La Salle University, Ozamiz City.



Si An Lezziela Ajesta ay nakapagtapos sa kursong AB maynor sa Filipino. Sa kasalukuyan, siya ay kumukuha ng MA sa Filipino, maynor sa Linggwistiks sa Mindanao State University-Marawi. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa kolehiyo ng La Salle University.